## Tungkol Saan ang Modyul na Ito?

Araw-araw, hinaharap natin ang iba't ibat suliranin. Isa sa mga suliranin ay kung paano maitatawid ang pangangailangan dahil sa patuloy na pagtaas ng presyo ng bilihin. Hindi natin maaaring ipagpaliban ang pagbili ng bigas at ulam. Kailangang bumili ng mga gamot at wastong pagkain kapag may nagkasakit sa pamilya.

Sa mga ganitong pagkakataon, napipilitan din tayong gamitin ang ating naipon. Dapat tayong gumasta sa matalinong paraan. Ang ibig sabihin nito ay dapat tayong matutong magtipid kapag bumibili ng mga gamit. Dapat din nating maintindihan ang ating mga karapatan bilang mga mamimili.

Sa modyul na ito, matututo kang maging isang matalinong mamimili.

Aralin 1 – *Anong Uri Ka ng Mamimili o Konsyumer?*

Aralin 2 – *Kailan Mura ang mga Bilihin?*

Aralin 3 – *Anu-ano ang Iyong mga Karapatan Bilang Mamimili?*

## Anu-ano ang Matutuhan Mo sa Modyul na Ito?

Pagkatapos mong pag-aralan ang modyul na ito, makakaya mong:

- ihambing at suriin ang mga presyo kapag bumibili ng mga gamit at iba pang produkto;
- alamin at mapaghambing ang mga produktong mataas ang uri; at
- ipaliwanag ang iyong mga karapatan bilang mamimili.



## Anu-ano na ang mga Alam Mo?

Bago mo simulan ang modyul na ito, sagutin ang maikling pagsubok upang malaman kung ano na ang iyong mga nalalaman tungkol sa paksa.

Basahin ang mga aytem sa ibaba. Kung sang-ayon ka sa sinasabi nito, lagyan ng tsek (4) sa ilalim ng hanay na may markang **Sang-ayon.** Kung ikaw ay di-sang-ayon, lagyan ng tsek sa ilalim ng hanay ng **Di-sang-ayon.** Tandaan na sa bawat pangungusap, lagyan lang ng isang tsek sa ilalim ng nararapat na hanay. Ipaliwanag kung bakit ka sumagot ng Sang-ayon o Di-Sang-ayon. Isulat ang paliwanag sa mga patlang pagkatapos ng bawat aytem.

| | **Sang-ayon** | **Di-Sang-ayon** |
|---|---|---|
| 1. Sinusuri ng matalinong mamimili ang etiketa upang hanapin ang mahalagang impormasyon tulad ng mga sangkap. | __________ | __________ |

Bakit?_______________________________________________________

_____________________________________________________________

_____________________________________________________________

| | **Sang-ayon** | **Di-Sang-ayon** |
|---|---|---|
| 2. Iniisip ng matalinong mamimili ang kahalagahan at uri ng produktong kanyang binibili. | __________ | __________ |

Bakit?_______________________________________________________

_____________________________________________________________

_____________________________________________________________

| | **Sang-ayon** | **Di-Sang-ayon** |
|---|---|---|
| 3. Ang mga convenience foods ay may karagdagang kemikal upang patagalin ang buhay nito at gawing higit na malasa ang pagkain | __________ | __________ |

Bakit?_______________________________________________________

_____________________________________________________________

_____________________________________________________________

| | | Sang-ayon | Di-Sang-ayon |
|---|---|---|---|
| 4. | Mahalagang suriin ang *expiration date* ng isang gamot na binibili natin sa botika. | __________ | __________ |

Bakit?________________________________________________________

_______________________________________________________________

_______________________________________________________________

| | | | |
|---|---|---|---|
| 5. | Nagpapalit ang presyo ng mga produkto at pagkain depende sa panahon. | __________ | __________ |

Bakit?________________________________________________________

_______________________________________________________________

_______________________________________________________________

| | | | |
|---|---|---|---|
| 6. | Nararapat na mataas ang uri at may wastong etiketa ang mga gamit at iba pang mga produkto. | __________ | __________ |

Bakit?________________________________________________________

_______________________________________________________________

_______________________________________________________________

| | | | |
|---|---|---|---|
| 7. | Inihahambing ng isang matalinong mamimili ang isang produkto sa iba upang masuri ang kaibahan nila sa presyo. | __________ | __________ |

Bakit?________________________________________________________

_______________________________________________________________

_______________________________________________________________

| | | | |
|---|---|---|---|
| 8. | Walang karapatan ang mga mamimili sa ating bansa na magsampa ng mga daing laban sa mga pabrikante at tindahan na nagbebenta ng mga produkto at kagamitang may sira. | __________ | __________ |

Bakit?________________________________________________________

_______________________________________________________________

_______________________________________________________________

| | | Sang-ayon | Di-Sang-ayon |
|---|---|---|---|
| 9. | Ang isang mahusay na mamimili ay madalas mamili ng mga produktong ibinebenta nang mura. | _________ | _________ |

Bakit?_____________________________________________________

__________________________________________________________

__________________________________________________________

| | | Sang-ayon | Di-Sang-ayon |
|---|---|---|---|
| 10. | Naghahanap ang isang matalinong mamimili ng isang produktong kapareho ang sangkap o nilalaman ng iba pang produktong mas mura. | _________ | _________ |

Bakit?_____________________________________________________

__________________________________________________________

__________________________________________________________

Kumusta ang pagsasanay? Nasagot mo ba nang tama ang bawat aytem? Ihambing ang iyong mga sagot sa *Batayan sa Pagwawasto* sa pp. 49–50.

Kung tama ang lahat ng sagot mo, magaling! Marami ka nang nalalaman tungkol sa mga paksang tatalakayin sa modyul na ito. Maaari mo pa ring pag-aralan ang modyul para mabalik-aralan ang mga bagay na nalalaman na. Malay mo, baka may matutuhan kang bago mula sa modyul.

Kung mababa ang iyong iskor, huwag mabahala. Para sa iyo ang modyul na ito. Tutulungan ka nitong maintindihan ang ilang mahahalagang kaisipan na magagamit mo sa iyong pang-araw-araw na buhay. Kapag pinag-aralan mong mabuti ang modyul na ito, malalaman mong lahat ang mga sagot sa pagsasanay at marami pang iba. Handa ka na ba?

Maaari mo nang umpisahan ang Aralin 1 sa susunod na pahina.

# Anong Uri Ka ng Mamimili o Konsyumer?

Ano ang iyong palagay sa sarili mo bilang isang mamimili ? Sa palagay mo ay isa kang matalinong mamimili? Bakit? Hindi mo na kailangang isulat ang iyong mga kaisipan, bastat pag-isipan mo lang ang mga katanungan. Pagkatapos tanungin muli ang iyong sarili matapos mong mapag-aralan ang buong aralin.

Pagkatapos ng araling ito, makakaya mong:

- suriin at ihambing ang mga produkto ayon sa kalidad;
- basahin ang mga etiketa ng mga produkto;
- gumamit ng katuusan upang maihambing ang mga presyo ng mga produkto para makatipid; at
- gumawa ng mga kapasiyahan tungkol sa mga pinamili batay sa pagsusuri nang nakalaang datos.



## Pag-isipan Natin Ito

Magtala ng limang pangkaraniwang produkto o pagkain na madalas mong bilhin sa palengke o sa tindahan. Itala ang kanilang mga presyo sa kanang hanay.

| Produkto/Kagamitan | Presyo |
|---|---|
| 1. | |
| 2 | |
| 3 | |
| 4. | |
| 5. | |

Sa iyong palagay, mura ba ang mga presyo o hindi? ______________________

Bakit?____________________________________________________________

__________________________________________________________________

__________________________________________________________________

Walang tama o maling sagot sa tanong na iyong sinagot.

Sa palagay mo, pareho kaya ang mga presyo ng mga produkto at kagamitan sa iba't ibang palengke at tindahan ? __________Oo __________Hindi

Dapat mong malaman na kapag bumisita ka sa ibang palengke at tindahan, matutuklasan mong mas mura ang presyo ng parehong produkto o kagamitan. Maaari ring mangyari na ang mga produkto at gamit na, sa iyong palagay, ay makatwiran ang presyo ay talagang mura kung ihahambing sa ibang palengke at tindahan. Paano ito nangyari? Mahalaga bang pag-isipan ng isang mamimili ang mga presyo ng mga gamit na kanyang binibili? Magpatuloy kang magbasa at malalaman mo.

Narinig mo na ba itong kasabihan ?

| |
|---|
| **Sa bawat pitong mamimili, isa lamang ang makakabili nang sulit.** |

_______ Oo      _______ Hindi

Kung oo ang sagot mo, ano ang ibig sabihin nito?

______________________________________________________________

______________________________________________________________

Tingnan natin kung tama ang iyong sagot sa pamamagitan ng pagsubok sa susunod na gawain. Kung ang sagot mo ay hindi, huwag kang mag-alala. Pagkatapos mong basahin ang kuwento sa ibaba, maaari mo nang ipaliwanag ang ibig sabihin ng kasabihan sa itaas.


## Basahin Natin Ito

Basahin nang mabuti ang kuwento sa ibaba.







Masaya si Aida sa kanyang biniling magandang pulseras. Pero napakamahal nito.




Bumili si Barbie ng sapatos na mura. Nasira kaagad ito matapos ang ilang araw.



Masigla si Carla sa pagkain ng kanyang tsokolate. Matapos niyang lasahan, natuklasan niyang sira na ito dahil "expired" na ang petsa.



Bumili si Delia ng isang magandang damit. Kasyang-kasya ito sa kanya. Ngunit matapos na labhan, lumiit ang damit at naging masyadong makipot para sa kanya.




Bumili si Eva ng magandang pares ng salaming pangmata na mura. Habang sinusukat niya ito, nahulog ang isa sa mga lente.



Bumili si Flor ng isang murang walet. Ginamit niya ito ng isang linggo at inayawan niya na. Nawala sa porma ang walet.



Si Gina lamang ang naging suwerte. Bumili siya ng isang mura ngunit mataas na uring bag. Sinuri niya ito nang maigi bago niya binili. Tiningnan niya ang loob ng bag para sa kabutihang paggawa. Matapos na masigurado ang magandang uri, tiningnan niya ang presyo. Hinambing niya ito sa kabuuang halaga ng ibang mga bag. Naisip niya na sulit na bilhin ito. Binili niya ang bag at nakuha niya ang tunay na halaga ng ginastos niya.



Naranasan mo na  ba  ang nangyari sa pitong magkakaibigan? ______ Oo _______Hindi

Aling karanasan ang nangyari na sa iyo? Isalaysay mo ang iyong naging karanasan. Nakuha mo ba ang tunay na halaga ng iyong binili?


_____________________________________________________________

_____________________________________________________________

Kung nangyari sa iyo ang katulad nang nangyari kay Carla, ano ang mararamdaman mo? Bakit?

_____________________________________________________________

_____________________________________________________________



## Alamin Natin

Sa unahan ng modyul, tinanong ka kung ano ang ibig sabihin ng kasabihang, “Sa bawat pitong mamimili, isa lamang ang makakabili nang sulit.”


Napansin ng Kagawaran ng Pangangalakal at Industriya ang kasabihang ito – **Isa lamang sa pitong mamimili ang marunong ng wastong pamimili.**

Ang isipan ng ibang tao ay kung nakakabili sila ng murang gamit, nakakatipid sila. Paano kung hindi mataas ang uri ng produkto o gamit? Nakakatipid ba sila?

Sino ngayon ang matalinong mamimili? Alam mo bang may mga kanais-nais na ugali at hilig ang matalinong mamimili? Matuto tayong maging matalinong mamimili o tagagamit. Magpatuloy  magbasa.

Nakatala sa ibaba ang ilang tips kung paano maging matalinong mamimili.

Kung bumibili ng produktong pagkain, maging de-lata (sardines, corned beef, atbp.) o hindi (instant na miki, kape, atbp.), dapat tingnan natin ang impormasyon sa etiketa, katulad ng :



Bakit mahalaga ang mga kaalamang ito? Sa petsa ng “expiration”, sinasabi sa atin kung hanggang kailan maaaring kainin ang pagkain. Kung tapos na ang petsa, mapanganib kainin o ubusin ang produkto. .

Bukod doon, mahalaga ang mga nakatalang sangkap sapagkat sinasabi sa atin kung mayroong naidagdag na di-magandang sustansiya sa produkto. Mahalaga ito, lalong-lalo na sa isang taong may mga taluhiyang, o mga taong may iniiwasang mga pagkain dahil sa mga rasong panrelihiyon o pangkalusugan.

Dapat lang na alamin natin ang presyo at ihambing ito sa parehong produkto ng ibang tatak. Isa lang ang presyo sa iyong mga batayan. Dapat pag-aralan din ang iba pang mga impormasyon na nakatala sa itaas. Kung gagawin mo ito, makakasigurado kung ang isang produkto ay hindi lamang mura kung hindi mataas pa ang uri.

Sinusuri mo ba muna ang mga etiketa ng mga produkto bago mo ito bilhin? Bakit o bakit hindi?


__________________________________________________________________

__________________________________________________________________

Sinusuri mo ba muna ang mga kamisadentro, pantalon, o damit na binibili mo bago mo ito bayaran? Bakit?

__________________________________________________________________

__________________________________________________________________




Kung nagbabalak kang bumili ng damit na ready-to-wear, kamisadentro, o pantalon, hindi mo lang titingnan kung mura ito. Suriin kung may mga sira ang damit. Nakatahi ba nang mahusay? Suriin kung may maliliit na butas o mantsa ang damit, kamisandentro o pantalon. Tingnan din kung ang materyal ay uurong kapag nilabhan. Kung mataas ang uri ng produkto, matitiyak mo na bibilhin mo ito.


Madalas ka bang bumili ng mamahaling gamot? Bakit ?

______________________________________________________________

______________________________________________________________

Pag-aralan natin ang “komik strip” sa ibaba.









Ngayon at alam mo na ang tungkol sa henerikong gamot, bibilhin mo ba ito? Bakit?

_______________________________________________________________

_______________________________________________________________

Dapat nating isiping bumili ng henerikong gamot, o gamot na walang tatak sa halip na mga galing sa ibang bansa na kilala ang tatak. Madalas na mahusay ang henerikong gamot at mas mura rin. Mataas rin ang uri nito katulad ng mga galing sa ibang bansa o kilalang mga tatak dahil dumaan rin ito sa siyentipikong pagsusuri. Kapag bumibili ng gamot, dapat din nating isipin ang timbang (sa miligramo madalas ) ng kapsula o tableta, at ang presyo o halaga nito.

Ngayon, naiintindihan mo na ba kung paano pumili ng pinakamahusay na produkto na iyong bibilhin?


Bilang mamimili, dapat nating pag-aralan ang binibili nating produkto. Dapat ring ingatan natin ang pagsuri at paghambing ng iba't ibang produkto na nais nating bilhin. Sa ganitong paraan, nakakagawa tayo ng mahusay na pasiya kung aling produkto ang ating bibilhin. Ang ibig sabihin nito ay bibili tayo ng mga produkto na hindi lamang mura kung hindi pinakamataas ang uri.



## Pag-aralan at Suriin Natin Ito

Tingnan natin kung gaano ka kagaling sa pagbasa ng mga etiketa ng produkto. Pag-aralan at suriin ang mga larawan sa ibaba.

Sagutin ang mga sumusunod:



1. Ano ang ibig sabihin ng etiketa ng produkto?
   ______________________________________
   ______________________________________
   ______________________________________
   ______________________________________

2. Sa mga parehong uri ng produkto katulad nang nakalarawan sa itaas, ano pang ibang impormasyon ang dapat na isaalang-alang? Bakit?

_______________________________________________________________

_______________________________________________________________

_______________________________________________________________

Anu-ano ang mga sagot mo sa mga tanong? Sa palagay mo ay tama ang mga sagot mo? Maaari mong ihambing ang mga sagot mo sa nasa ibaba.

Kung nais na bumili ng mga produktong lason, ang nararapat na nakalagay sa etiketa ng bote o lata ay "Babala: Nakakalason" o "Babala: Toxic". Ang senyas ng bungo sa bote o sa lata ay nangangahulugang nakakalason o nakakapatay ang nilalaman .

Nakalagay din dapat sa etiketa ang mga sumusunod na impormasyon:

- Kung paano malalason ang tao – kung kakainin, iinumin, lalanghapin, o hahawakan, atbp.
- Babala para hindi maabot ng mga bata ang produkto
- Sintomas ng pagkalason – hilo, pagsusuka, lagnat, atbp.
- Pangunahing tulong (first aid) sakaling may lason, o anong uri ng pangangalaga ang kailangan
- Mga pagkaing dapat iwasan sa kaso ng pagkalason
- Kailan dapat dalhin ang biktima sa doktor o sa ospital

Kung may maliliit na bata sa bahay, mag-iiwan ka ba ng mga produktong may lason o toxic na maaabot nila? Bakit o bakit hindi?

__________________________________________________________________

__________________________________________________________________

Tunay na nakakatulong ang mga produktong may etiketa upang malaman ng mamimili ang kanilang binibili. Ang mga etiketa ay hindi lamang nagpapabatid sa mamimili tungkol sa produkto. Inihahayag rin nito kung paano responsableng ipinagtatanggol ng gumagawa ang kanyang mga mamimili.

Halimbawa, sa mga produktong may lason, ipinapakita ng etiketa na dapat ilagay ang mga ito sa mga lugar na hindi maaabot ng mga bata. Ito ay sa dahilang ang mga produktong ito ay mapanganib o maaaring makamatay kung hindi wasto ang paggamit.

Subukang tingnan ang mga bagay-bagay sa iyong aparador sa kusina na binili mo sa palengke o sa tindahan sa iyong pamayanan. Ilan sa halimbawa ang kape, asukal o palaman na keso. May mga etiketa ang mga produktong ito, hindi ba?

Ano ang ipinapahiwatig sa iyo ng mga etiketa ng mga produkto?

____________________________________________________________

____________________________________________________________

Kung pag-aaralan mo ang mga etiketa ng mga produkto, mapapansin mong ipinahihiwatig ng mga produkto ang mga sumusunod :

- **Pangalan ng gumawa ng produkto—**Pangalan ng gumawa ng produktong binili mo. Halimbawa, Nestle Philippines, Incorporated.
- **Mga aktibong sangkap sa produkto**—Ano ang nilalaman ng produkto. Halimbawa, ang mga sangkap ng palaman na keso ay: kesong natural, tubig, mantika ng gatas, matigas na gatas, asukal, "emulsifiers", asin, rekado, asido sa pagkain, preserbatibo, at natural na kulay.
- **Netong nilalaman**—Ito ang bigat o bulto ng produkto na iyong binibili. Halimbawa, 500 gramo, 2 litro o 1 kilo.
- **Impormasyong pangnutrisyon**—Mga sustansiya na ibinibigay ng produkto sa mga tagakonsumo.
- **Petsa ng expiration**—Ito ang petsa kung kailan hindi na dapat gamitin ang produkto.
- **Direksiyon ng paggamit**—Ang mga direksiyon kung paano gamitin ang isang produkto.
- **Serbisyong Pang-mamimili**—Kasali dito kung saan at paano kontakin ang gumawa ng produkto sa pamamagitan ng sulat o telepono kung ang mamimili ay mayroong mga reklamo o puna tungkol sa produkto.

Tiningnan mo ba ang ilan sa iyong mga gamit sa bahay? _____Oo _____ Hindi

May wastong etiketa ba ang mga ito? _____Oo _____ Hindi

Ano ang maaari mong gawin kapag hindi wasto ang mga etiketa ng produkto?

____________________________________________________________

____________________________________________________________

____________________________________________________________


Maaari kang sumulat sa gumawa ng produkto kapag hindi wasto ang etiketa ng nabili mo. Halos lahat ng mga gumagawa ay bukas sa mga puna at mungkahi ng mga mamimili. Sa kanila, ang ibig sabihin ng pagbibigay ng mabuting serbisyo ay ang wastong pakikinig sa mga puna at mungkahi. Kayat huwag mag-atubiling magbigay ng iyong mungkahi at puna sa mga gumagawa ng produktong binibili mo. Maaari mo silang sulatan o tawagan.

Kaya't bilang matalinong mamimili o konsyumer, babasahin mo ba ang mga etiketa ng produkto bago ka bumuli ng kahit anong bagay? Sana naman. Ang isang mahusay na mamimili ay yung nagbabasa muna ng etiketa ng produkto bago ito bilhin. Sa pamamagitan ng pagbasa ng mga etiketa ng produkto, hindi lang natin malalaman ang ating binibili, natututo rin tayong maging matalinong mamimili. Nagiging masuri tayo at mapili sa higit na mahusay ng mga produkto na hindi lamang nagtutustos ng ating mga pangangailangan, tumutulong din upang makatipid tayo ng pera.

Magsimulang maging isang mahusay na mamimili ngayon din!



## Pag-isipan Natin Ito




Bukod sa mga impormasyon na nabanggit kanina, naglalagay ang ibang mga kompanya ng iba pang bagay sa kanilang mga etiketa. Halimbawa, ang iba ay naglalagay ng salitang *fortified*, na "may karagdagang mga bitamina at mineral ang ibig sabihin."




Ang mga pagkaing de-lata at nakapakete ay convenience food ang tawag. Luto na ang mga pagkaing ito at kinakailangan na lang ng konting pagpapainit o mainit na tubig bago kainin.

May nilalamang ilang kemikal ang mga produktong ito upang humaba ang buhay. Nagtataglay din ito ng mga sangkap upang maging higit na malasa o palitan ang mga nawalang bitamina at mineral na ipinapalit sa pagproseso ng mga produkto. Maaaring preserbatibo, pampalasa o karagdagang nutrisyon ang mga ito.

Ang karagdagang mga kemikal sa pagkain ay tinatawag na food additives. Limitado lang dapat ang paggamit ng food additives. Pinipigilan ng Kagawaran ng Pagkain at Gamot ang dami ng paggamit nito sa mga pagkain. Nagbibigay sila ng payo kung gaano karami ang maaaring gamitin sa araw-araw.

Isang halimbawa ng additive ay ang anti-caking agent. Itong anti-caking agent ay pumipigil sa mga produktong pinulbos upang tumigas at mamuo. Ang ibang mga produkto ay naglalaman ng emulsifiers na ginagawang higit na madaling ikalat ang mga produktong tulad ng mayonnaise at cheese spread. Ginagawang makinis at malambot ng emulsifiers ang mga produktong ito.



## Subukan Natin Ito

Sagutin ang mga sumusunod na tanong :

1. Bakit may additives ang ibang produkto?

______________________________________________________________

______________________________________________________________

2. Magbigay ng tatlong halimbawa ng pinalakas na mga produkto at convenience foods.

| Produktong pinalakas | *Convenience Food* |
|---|---|
| 1. | 1. |
| 2. | 2. |
| 3. | 3. |

3. Ano ang mangyayari kapag kumuha ang isang tao ng sobra sa nirekomendang dami ng *food additives?* Bakit?

______________________________________________________________

______________________________________________________________


Ihambing ang iyong mga sagot sa mga nasa *Batayan sa Pagwawasto* sa pahina 50.



## Pag-aralan at Suriin Natin Ito

Nasa ibaba ang mga larawan ng mga ibinebentang produkto at gamit. Piliin ang produktong nais mong bilhin batay sa halaga. Lagyan ng tsek (4) sa loob ng maliit na kahon kung nais mong bilhin ang produkto. Pagkatapos piliin ang produkto, ibigay ang iyong rason kung bakit nais mo itong bilhin. Maaari ka lang pumili ng dalawang produkto sa apat na pagpipilian.

1. ☐





______________________________

______________________________

______________________________

______________________________

2. ☐





______________________________

______________________________

______________________________


______________________________

3. ☐




4. ☐

**Bumili ka ng pizza at bayaran ng kalahati ang isa pang pizza.**




______________________________ ______________________________
______________________________ ______________________________
______________________________ ______________________________
______________________________ ______________________________

Sagutin ang mga sumusunod:

1. Anu-anong produkto ang napili mo?

   ______________________________________________________________

   ______________________________________________________________

2. Bakit mo pinili ang mga produktong ito?

   ______________________________________________________________


   ______________________________________________________________

3. Sa palagay mo makakatipid ka talaga sa mga produktong ito? Bakit o bakit hindi?

   ______________________________________________________________

   ______________________________________________________________

Nais mo bang malaman kung tama ang iyong mga pinili? Matututo ka kung paano ihambing ang mga presyo sa patuloy mong pagbabasa.



## Alamin Natin

Isang katangian ng matalinong mamimili ang kakayahang magkalkula at magtantiya upang makapili ng pinakamura at pinakamabuting produkto.

Kung gusto mong makatipid, dapat na matuto kang maghambing ng mga halaga ng produkto. Kumuha ng dalawang mag-kaparehong produkto, halimbawa, dalawang uri ng instant noodles o dalawang uri ng sardinas. Tingnan kung magkakapareho ang kanilang halaga.

Ihambing ang dami at kalidad. Kalkulahin ang pinakamurang produkto. May halimbawa sa ibaba.

| Dami/Kalidad (miki) | Produkto A | Produkto B |
|---|---|---|
| Lasa | Masarap | Masarap |
| Netong Nilalaman | 65 gramo | 50 gramo |
| Halaga | ₱ 4.10 | ₱ 3.75 |

Paano mo malalaman kung alin ang mas mabuting bilhin? Ituturo sa iyo ng kalkulasyon sa ibaba kung paano mo malalaman kung alin ang mas mabuting produktong bilhin.

♦ Produkto A ay may 65 gramo sa halalagang ₱ 4.10.

  Ang halaga ng 1 gramo ay :
  ₱ 4.10/65 gramo = ₱ 0,0063 (ito ang halaga ng bawat gramo sa piso)
  ₱ 0.0063 × 100 = 6.3 sentimo (ito ang halaga ng bawat gramo sa sentimo)

♦ Produkto B ay may 50 gramo sa halagang ₱ 3.75.

  Ang halaga ng 1 gramo ay:
  ₱ 3.7/50 gramo = ₱ 0.0075 (ito ang halaga ng bawat gramo sa piso)
  ₱ 0.07 × 100 = 7.5 sentimo (ito ang halaga ng bawat gramo sa sentimo)

Kung ihahambing ang halaga bawat gramo (o halaga bawat unit), makikita nating ang Produkto A ay may halagang 6.3 sentimos habang ang Produkto B ay mas mahal sa 7.5 sentimos. Dahil dito, makakatipid ka kapag binili mo ang Produkto A. Mas mura ito kung ihamhambing sa Produkto B.



## Subukan Natin Ito

Ihambing ang mga halaga ng sumusunod na pares ng produkto. Sabihin nating ang parehong pares ng produkto ay pareho lang ang kalidad. Alin sa dalawa ang iyong bibilhin? Lagyan ng tsek (4) ang kahon sa bandang kanan bawat napili. Gamitin ang blangkong espasyo sa ibaba sa iyong mga gagawing kalkulasyon.

| Product | | | Net Content | Price |
|---|---|---|---|---|
| 1. | a. | Sardinas A – ☐ | 400 gramo | ₱ 22.00 |
| | b. | Sardinas B – ☐ | 500 gramo | ₱ 25.00 |
| 2. | a. | Corned Beef A – ☐ | 300 gramo | ₱ 35.00 |
| | b. | Corned Beef B – ☐ | 450 gramo | ₱ 50.00 |
| 3. | a. | Gatas A – ☐ | 250 gramo | ₱ 45.00 |
| | b. | Gatas B – ☐ | 600 gramo | ₱ 100.00 |
| 4. | a. | Orange Juice A – ☐ | 1 litro | ₱ 95.00 |
| | b. | Orange Juice B – ☐ | $1\frac{1}{2}$ litro | ₱ 160.00 |

Ano ang palagay mo sa iyong mga sagot ? Tama ba ang mga ito? Tingnan natin kung alam mo na kung paano maghambing ng mga presyo. Ihambing ang iyong mga sagot sa nasa *Batayan sa Pagwawasto* sa pahina 51.


Magaling kung tama lahat ng sagot mo ! Kung mayroon kang mali, balik-aralan ang pamamaraan ng pagkalkula upang maintindihan mo kung paano ito gawin.

Kung nais mong pag-aralan pa ang tungkol sa paghahambing ng mga halaga ng mga produkto, maaari mo ring basahin ang modyul na pinamagatang **Pagsukat ng Volume.**

## Alamin Natin ang Iyong mga Natutuhan

A. Basahin ang etiketa sa lata ng insektisayd sa ibaba.

Sagutin ang mga sumusunod na tanong.




1. Anu-anong mga impormasyon ang nakasulat sa etiketa?

   ________________________________________

   ________________________________________

   ________________________________________

2. Sa palagay mo, sapat na ba ang mga impormasyon na nakasulat sa etiketa ng insektisayd ? Bakit o bakit hindi?

   ________________________________________

   ________________________________________

   ________________________________________

B Maraming uri ng sabong panlaba. Ano ang batayan mo sa pagpili ng isang tatak ng sabon? Naniniwala ka ba sa mga pamamaraang promosyon? Ang pamamaraang promosyon ay mga anunsyo na nang-aakit o naghihikayat sa mamimili upang bumili ng produkto. Isang halimbawa nito ang buy-one-take-one na pamamaraang promosyon. Subukang pag-aralan at suriin ang tsart sa ibaba. Nakatala sa tsart ang mga katangian ng bawat sabon. Matapos pag-aralan ang tsart, sagutin ang mga sumusunod na tanong.

| **Sabon Halaga** | **Pam. Promosyon Panlaba** | **K. Sangkap** | | **Bigat** |
|---|---|---|---|---|
| Tatak A | Nagpapaputi ng labada, pumapatay ng mikrobyo | Calamansi | 1000 g | ₱ 60.00 |
| Tatak B | Inaalis ang mantsa sa isang labahan | *Enzymes* | 1000 g | ₱ 57.00 |
| Tatak C | Naglalaba ng maraming damit | Pampawaksi ng dumi | 750 g | ₱ 39.00 |
| Tatak D | Hindi pumipinsala ng kamay | *Moisturizer* | 1000g | ₱ 42.00 |

Sagutin ang mga sumusunod na tanong.

1. Aling hanay sa tsart ang nagpapakita ng mga katangian o kakayahan ng isang produkto?

   ____________________________________________________________

   ____________________________________________________________

2. Alin sa mga katangiang ito ang pinakamahalaga sa iyo? Bakit?

   ____________________________________________________________

   ____________________________________________________________

3. Kung halaga ang iyong magiging batayan, alin sa apat ang pinakamura o pinakamahusay na produkto ? Isulat ang iyong sagot sa ibaba. May nakalaang karagdagang espasyo para sa iyong mga kalkulasyon.

   ____________________________________________________________

   ____________________________________________________________

4. Naniniwala ka ba sa mga pamamaraang promosyon ng mga produkto na ipinapakita sa telebisyon o naririnig sa radyo? Bakit o bakit hindi?

   ____________________________________________________________

   ____________________________________________________________

C. Ipalagay mo na ang iyong anak ay may tonsilitis. Ipinayo ng doktor ang antibiotic para sa anak mo. Sa botika, sinabi ng klerk na mayroong tatlong uri ng antibiotic.

Ang mga katangian ng bawat tatak ay :

| Antibiotic | Tatak | Bigat ng bawat kapsula | Halaga |
|---|---|---|---|
| A | Galing sa ibang bansa | 500 mg. | ₱ 17.50 |
| B | Henerikong Lokal | 250 mg. | ₱ 3.00 |
| C | Galing sa ibang bansa | 250 mg. | ₱ 6.50 |

Sagutin ang sumusunod na mga katanungan.

1. Alin sa tatlo ang pinakamura? Maaari mong gamitin ang blangkong espasyo para sa iyong kalkulasyon.

____________________________________________________________

____________________________________________________________

2. Aling antibiotic ang iyong bibilhin? Bakit?

____________________________________________________________

____________________________________________________________

Ihambing ang iyong mga sagot sa *Batayan sa Pagwawasto* sa pahina 52–53.

## Tandaan Natin

- Laging isaalang-alang ang kalidad ng produktong iyong binibili. Suriin ang produkto o pagkain bago mo ito bilhin.
- Ugaliing basahin ang mga etiketa ng produkto dahil marami itong sinasabi tungkol sa produkto.
- Basahin ang mga etiketa upang maiwasan ang gulo at aksidente, lalong-lalo na kung bumibili ng mga produktong may kemikal at lason, tulad ng pestisidyo.
- Ihambing ang mga presyo ng iba’t ibang produkto bago mo ito bilhin upang makatipid. Isang mabuting paraan ang pagkalkula ng mga presyong unit at ihahambing ito sa iba.

**ARALIN 2**

# Kailan Mura ang mga Bilihin?

Napapansin mo ba na madalas na mag-iba ang presyo ng mga bilihin? Minsan mura, minsan naman sobrang mahal. Anu-ano ang dahilan sa pagpalit ng mga presyo ng mga bilihin? Tatalakayin ang mga bagay na ito sa araling ito at tuturuan ka kung paano makakatipid kapag namimili ng mga gamit.

Pagkatapos ng araling ito, makakaya mong:


- makipag-usap sa mga tindera sa palengke o mga negosyante ng mga muebles tungkol sa mga presyo ng mga kagamitang ibinebenta nila ; at
- maipaliwanag ang kaugnayan ng suplay ng isang produkto sa pangangailangan sa nasabing produkto.



## Basahin Natin Ito

Basahin ang salaysay sa ibaba.

Si Dante ay bago pa lamang sa negosyong pagkaing-dagat. Bumibili siya ng pagkaing-dagat, tulad ng isda, hipon, alimango, pusit, atbp. Ibinebenta niya ang mga ito sa kanyang kapitbahayan at sa mga kalapit na barangay. Isa itong marangal na hanapbuhay at dalawang linggo na niyang ginagawa ito. Sa pangatlong linggo ng kanyang pamimili ng pagkaing-dagat, na nagkataong panahon na bilog ang buwan, nagulat siya at tumaas nang doble ang mga presyo. Mahihirapan na siyang ibenta ang kanyang mga produkto. Dati ay marami siyang naging parokyano dahil mababa ang presyo niya. Pero ngayon, hindi niya maipaliwanag sa kanila kung bakit tumaas ang presyo kahit wala namang bagyo. Wala namang tsunami o mataas na along dagat na maaaring sirain ang mga koral na batuhang-babaw kung saan nakatira ang mga yamang-dagat. Hindi dumami ang mga broker sa piyer at ang kanyang mga parokyano. Nangangamba si Dante na ang kanyang pagkaing-dagat ay masisira kung walang gustong bumili ng mga ito.



Sagutin ang mga sumusunod na tanong:

1. Bakit, sa iyong palagay, biglang tumaas ang mga presyo ng pagkaing-dagat? Magbigay ng mga posibleng dahilan.

   ____________________________________________________________

   ____________________________________________________________

2. Kung ikaw si Dante, dapat ka bang mangamba na ang iyong pagkaing-dagat ay hindi mabibili at masisira na lamang? Bakit o bakit hindi? _______Oo _______Hindi

Ipaliwanag ang iyong sagot.


_______________________________________________________

_______________________________________________________

Ihambing ang iyong mga sagot sa *Batayan sa Pagwawasto* sa pahina 53.

Magkatulad ba ang iyong mga sagot sa mga nakasulat na sagot o hindi? Walang gaanong halaga kung kaiba ang iyong mga sagot, basta't naipaliwanag mo nang mabuti ang iyong mga sagot. Maaari mo ring ipakita ang iyong mga sagot sa iyong *Instructional Manager* o *Facilitator* para sa kanyang mga puna.

Nais mo bang malaman kung paano nagbabago ang mga presyo ng bilihin? Magpatuloy ka ng pagbabasa upang malaman mo.




## Alamin Natin


### Kaugnayan ng Panahon at Buwan sa mga Presyo ng Bilihin

Nagbabago ang mga presyo ng mga produkto at kagamitan at may mga dahilan ang mga ito.


Sa panahon ng tag-ulan, tumataas ang mga presyo ng gulay kung ihahambing sa kanilang natural na presyo. Bakit? Bumabaha ang halos lahat ng mga bukirin ng gulay sa panahon ng tag-ulan. Mahirap ding magtanim ng gulay dahil madaling masira kapag nababasa ang mga ito.



Alam mo rin ba na halos lahat ng mga nagsusuplay ng gulay ay galing sa mga probinsiya? Mahirap ihatid ang mga gulay kapag tag-ulan. Ito ay mga buwan ng Hunyo, Hulyo, at Agosto. Dahil dito, iilan lamang sa mga negosyante ang nagdadala ng kanilang gulay sa mga palengke sa lungsod. Ngunit hindi naman kumakaunti ang namimili, kaya't tumataas ang mga presyo.




Mas mura ang mga kamatis, pakwan, at mangga kapag tag-init dahil nasa panahon ang mga ito. Ito ang mga buwan ng Abril at Mayo. Sa mga buwan ng tag-ulan, hindi gaanong namumulaklak ang mga puno nito. Ang kaunting bulaklak ay nangangahulugang kaunti ang prutas. Ito ang dahilan kung bakit mas mahal kapag tag-ulan ang mga prutas na ito.



Sa mga gabing maliwanag ang buwan, tumataas ang mga presyo ng isda at hipon dahil kaunti ang nahuhuli ng mga mangingisda. Mangyari'y kumakalat ang mga isda sa iba't ibang bahagi ng dagat o lawa. Mahirap hulihin ang mga ito. Kapag natatakpan ng ulap ang buwan, nagsisiksikan ang mga isda malapit sa bangka. Dito lamang nakakasigurado ang mga mangingisda na makakakuha ng malaking huli kapag itinapon nila ang kanilang mga lambat.



Naisip mo na ba kung bakit mas murang bumili ng bentilador kapag malamig ang panahon? Kaunting tao lamang ang namimili ng bentilador kapag malamig ang panahon. Kapag maraming imbak ang tindahan, binebenta nila ito sa mababang halaga. Kinakailangang maibenta nila ang kanilang tinda upang bumalik ang kanilang puhunan. Makakatulong ang pagkakaroon ng *sale* upang maibenta nang mabilis ang kanilang mga produkto.






## Pag-isipan Natin Ito

Narinig mo na ba ang batas ng suplay at pangangailangan? Ano ang ibig sabihin nito?

_______________________________________________________________

_______________________________________________________________

Sa anong mga produkto magagamit ang batas ng suplay at pangangailangan?

_______________________________________________________________

_______________________________________________________________

Pakinabang ba para  sa mga mamimili kung mayroong masaganang suplay? Bakit?

_______________________________________________________________

_______________________________________________________________

Nakapunta ka na ba sa palengke kung kailan masagana ang mga prutas, katulad ng mga  mangga at pakwan? Kung gayon, mapapansin mo na napaka mura ng mga presyo ng mga ito. Halimbawa, ang isang kilo ng mangga ay maaaring mag halaga ng ₱ 35.00, ngunit maaaring mas mataas o maaaring maghalaga ng ₱ 45.00 hanggang ₱ 60.00 kung tag-ulan. Bakit nagiging sobrang mura ang mga presyo sa iba't ibang panahon? Bakit nagiging mahal kapag ibang panahon?

Alam mo ba na ang batas ng suplay at pangangailangan ay hindi lamang ginagamit sa mga prutas? Magagamit ito sa lahat ng ating binibili. Maaaring ito ay bigas, karne o gulay o mga kagamitang pambahay.

Isinasaad ng batas ng suplay at pangangailangan na:

*"ang mga presyo ng mga produkto at kagamitan ay bumababa kapag may maraming suplay at mababa ang pangangailangan. Ito ang nagpapamura ng mga produkto at kagamitan. Ang mga presyo ng mga produkto at kagamitan ay tumataas kapag mataas ang pangangailangan at mababa ang suplay. Ito ang nagpapamahal ng mga produkto at kagamitan. Mananatiling normal ang mga presyo kapag balanse ang suplay at pangangailangan."*

Hindi ka ba nagtataka na maraming tao ang bumibili ng mga gamit at prutas kapag sagana ang mga ito? Binibili ang mga ito dahil mas mura. Sa ganitong paraan, nakakatipid sila at magagamit ang perang naipon sa iba pang mahahalagang bagay sa bahay.

Ang batas ng suplay at pangangailangan ay bentahe sa mga mamimili kung marami ang suplay. Nagpapababa ito ng mga presyo ng mga produkto at gamit. Kung mababa ang suplay at may malaking pangangailangan, tumataas ang mga presyo. Nagpapataas ito ng presyo ng mga produkto at gamit.

Tandaan na mura ang mga produkto at gamit kung marami ang suplay . Upang makatipid, pansinin mo ang mga buwan kung kailan marami ang suplay upang makabili ka ng mga produkto at gamit sa mas mababang halaga. Makakabili ka ng kinakailangan mo o gusto mo sa mabuting presyo. Nakakatipid ka para sa iba pang pangangailangan  ng  iyong pamilya.



## Magbalik-aral Tayo

Sagutin ang mga sumusunod na mga tanong.

1. Kailan murang bumili ng mga prutas, tulad ng mangga? Bakit?

   ____________________________________________________________

   ____________________________________________________________

2. Bakit nagiging mahal ang pagkaing-dagat, tulad ng isda at hipon, kapag maliwanag ang buwan?

   ____________________________________________________________

   ____________________________________________________________

3. Kailan mabuting bumili ng mura at sariwang gulay? Bakit?

   ____________________________________________________________

   ____________________________________________________________

Ihambing ang iyong mga sagot sa *Batayan sa Pagwasto* sa pp. 53–54.



## Pag-isipan Natin Ito

Makakaisip ka ba ng isang kalagayan sa ating bansa kung kailan bumaba o tumaas ang mga presyo ng mga gamit o produkto dahil sa isang rason? Tungkol saan ang kalagayang ito?

____________________________________________________________________

____________________________________________________________________

____________________________________________________________________

____________________________________________________________________

Natutuhan mo sa araling ito na ang mga presyo ng mga produkto at gamit ay nababago dahil sa panahon o buwan. Mahalaga ring malaman na nagbabago ang mga presyo ng bilihin dahil sa ilang pangyayari o balita tungkol sa kalagayan ng ating bansa at ng mundo.

Isang halimbawa nito ang sakit na mad cow sa Europa. Ang mad cow ay sakit ng mga baka na kumakalat at sumisira sa kanilang *central nervous system*. Katangian nito ang paglabas ng mga *neuron* sa utak ng apektadong baka. Magkakaroon ng *vacuoles* o butas ang utak ng baka na dahilan ng pagmumukhang espongha nito.

Nang narinig ng mga tao ang tungkol sa sakit na mad cow, maraming mamimili ang natakot bumili ng mga produktong galing sa baka, katulad ng karneng baka. Nakapinsala ito sa maraming bansa. Binabaan ng mga negosyante ang mga presyo ng kanilang produktong karne, ngunit hindi pa rin ito binibili. Natakot ang mga mamimili na ang sakit ay magkakaroon ng epekto sa mga tao.

Nabalik ang tiwala ng mamimili nang hinarap ng mga bansang apektado ang problema. Ginawa nila ito sa pamamagitan ng mga mahigpit na patakaran na tumutukoy sa baka at patuloy na pananaliksik kung paano makakahanap ng lunas sa sakit.

Paano naapektohan ng sakit na mad cow ang tiwala ng mga mamimili?

________________________________________________________________

________________________________________________________________

Bumili ba ang mga mamimili ng mga produktong baka nang sila alukin ng mababang presyo? Bakit?

________________________________________________________________

________________________________________________________________

Hindi lang ang presyo ng mga bilihin ang isinasang-alang-alang ng matalinong mamimili. Tinitingnan rin ng matalinong mamimili ang kawalan ng panganib ng mga produkto o gamit na nais niyang bilhin.

Sa naisalarawang kalagayan, natakot ang mga tao na bilhin ang mga produktong baka dahil sa kanilang takot na baka maka-apekto sa kanilang kalusugan ang mga ito. Kahit binabaan na ang mga presyo ng produktong baka, hindi binili ng mga tao ang mga produkto dahil natakot silang magkasakit kapag sila ay kumain ng karne.

Naibalik ang tiwala ng mga mamimili nang natuklasan nilang marami nang gumagawa ng mga pagsusuri tungkol sa sakit at kung paano ito nakakaapekto sa kalusugan ng tao. Natuklasan ng tao na isang priyoridad ng pamahalaan ang paghanap ng lunas sa sakit kaya't naisip ng tao na hindi na pala mapanganib na bumiling muli ng mga produktong baka.

Bilang pagbubuod, palaging maghahanap ng tatlong bagay ang mga matalinong mamimili:

- risonableng presyo ng produkto,
- kalidad ng produkto, at
- kawalang-panganib ng produkto.



## Subukan Natin Ito

Isa itong takdang-aralin na gagawin mo.

1. Gumawa ng payak na pananaliksik o pag-aaral tungkol sa mga presyo ng mga pang-araw-araw na pagkain, tulad ng isda, gulay, prutas , karne, bigas, atbp. Kailangan mo ng papel at bolpen.
2. Pumunta ka sa isang palengke o tindahan. Kausapin mo ang mga tindera ng gulay, prutas, isda, at karne. Kung maaari, kumausap ng dalawang tindera ng isang uri ng bilihin. (Halimbawa, dalawang tindera ng isda)
3. Maaari mong sabihin sa tao na mahalaga ang mga impormasyong ibibigay niya sa iyo.
4. Tanungin ang mga tindera ng mga sumusunod :
   a. Magkano ang presyo bawat kilo ng produkto o gamit na ibinebenta nila?
   b. Kailan mura ang mga gamit na ito? Sa anong buwan o panahon nagiging mura ang mga ito?
   c. Kailan mahal ang mga gamit na ito? Sa anong buwan o panahon?
   d. Kailan sila nakakabenta nang marami?
   e. Kung mataas ang presyo ng gamit, ilan sa mga produkto ang binibili? (Sa kilo o bawat piraso lamang)
5. Ayusin ang mga impormasyon na nakuha mo sa pamamagitan ng pagpuno ng tsart katulad ng nasa ibaba.

| Produkto/Gamit | Kailan mura? | Kailan Mahal? | Ilan ang Binibili Kapag Mahal |
|---|---|---|---|
| Kamatis | Mayo | Oktubre | kalahating kilo |
| Repolyo | | | |
| Kalamansi | | | |
| Mangga | | | |
| Lanzones | | | |
| Bayabas | | | |
| Isda | | | |
| Hipon | | | |
| Karneng baboy | | | |
| Karneng baka | | | |

6. Magbigay ng dalawa o tatlong pangungusap na nagsasaad ng iyong pangkalahatang pananaw tungkol sa impormasyong nakuha mo sa tsart.

Ipakita ang bunga ng iyong payak na pananaliksik sa iyong *Instructional Manager* o *Facilitator.* Kunin ang kanyang reaksiyon o pananaw. Maaari mo ring ipakita at talakayin ang iyong gawain sa isang miyembro ng iyong pamilya, kaibigan, o kamag-aral.

## Alamin Natin ang Iyong Mga Natutuhan


Narinig mo na ba ang tungkol sa mga hayop na biyak ang kuko? Ang mga hayop na ito ay hati ang mga paa. Halimbawa ng mga hayop na ito ang mga baboy, baka, tupa, at kambing. Basahin ang salaysay sa ibaba tungkol sa isang sakit na nakakaapekto sa mga hayop na biyak ang kuko.

### Isang Salaysay Tungkol sa mga Hayop na Biyak ang Kuko

Noong 1996, natamaan ng nakakasindak na balita ang Metro Manila. Ang mga baboy at baka ay nagiging biktima ng sakit na *foot and mouth.* Ang sakit na foot and mouth ay isang malala at nakakahawang sakit na *viral* ng baka at baboy. Nakakaapekto rin ito sa mga tupa, kambing, usa, at iba bang mga hayop na biyak ang kuko.

Katangian nito ang lagnat at mga lesyon na mukhang blisters sa dila at labi, sa bibig, sa mga utong, at sa pagitan ng mga kuko. Gumagaling ang mga hayop na apektado ngunit ang sakit ay nag-iiwan ng matinding panghihina. Nagiging sanhi rin ito ng matinding kawalan sa produksiyon ng karne at gatas.

Dahil sa impormasyong ito, natakot bumili ang maraming tao ng karne ng baboy at iba pang mga hayop na may biyak na kuko, katulad ng mga baka, kambing, at usa. Naapektohan ang maraming tindero sa kalagayang ito. Napilitan silang ibenta ang kanilang mga produkto sa mababang presyo. Ngunit kahit na binabaan na ang presyo, wala pa ring tiwalang bumili ng mga produkto ang mga tao.



Nabahala ang mga tao sa kanilang kalusugan at kaligtasan, hindi malaman kung ang sakit na nakakahawa ay nagkaroon ng epekto sa mga tao. Sinubukang hikayatin ng Kagawaran ng Kalusugan ang mga tao na huwag mabagabag dahil may mga pag-aaral na nagpapakitang ang sakit na foot and mouth ay hindi nakaaapekto sa tao.

Gayunman, hindi pa rin bumibili ang mga tao ng karneng baboy at karne ng ibang hayop na biyak ang kuko.

Tumagal din bago muling bumili ng karne ang mga tao. Ang mga rason kung bakit nagpalit ng isip ang mga tao ay dahil sa mga ginawang hakbang ng mga apektadong bansa. Ang tiwala ng mamimili ay nanumbalik nang makita at malaman ng mga tao kung paano hinarap ng mga apektadong bansa ang ganitong kalagayan.

Ngayon, ang mga pasilidades sa pagpapalaki ng baboy ay mas mahigpit kaysa dati. Nagpatupad sila ng mga hakbang upang iwasan ang posibilidad na makakuha muli ang mga baka ng kinatatakutang sakit.

Nabasa at naunawaan mo ba ang artikulo? Sagutin ang mga sumusunod na tanong.

1. Ano ang sakit na foot and mouth? Isalarawan ang sakit na ito.

   _______________________________________________________

   _______________________________________________________

2. Anu-anong mga hayop ang apektado ng sakit na ito?

   _______________________________________________________

   _______________________________________________________

3. Kung mamimili ka na nang kumalat ang sakit na ito, bibili ka ba ng karne ng baboy, baka, at karne ng ibang mga hayop na biyak ang kuko? Bakit o bakit hindi?

   _______________________________________________________

   _______________________________________________________

4. Ano, sa iyong palagay, ang naging sanhi upang ibaba ang mga presyo ng mga produkto sa salaysay? Bakit?

   _______________________________________________________

   _______________________________________________________

5. Bilang mamimili na nais bumili ng karne noong panahon ng sakit na *foot and mouth*, paano mo masisiguradong ligtas para sa iyo at sa iyong pamilya ang iyong bibilhin na produkto?

   _______________________________________________________

   _______________________________________________________

6. Sa salaysay, ano ang tumulong sa mga mamimili upang maibalik ang kanilang tiwala na bumili muli ng karne?

   _______________________________________________________

   _______________________________________________________

7. Ano ang karaniwang presyo bawat kilo ng karneng baka sa palengkeng malapit sa iyo? Mas mababa ba ito kung ihahambing sa ibang mga palengke? ________Oo ________Hindi. Bakit? Ihambing ang iyong presyo sa ibang palengke.

   _______________________________________________________

   _______________________________________________________

Ihambing ang iyong mga sagot sa *Batayan sa Pagwawasto* sa pp. 54–55.

## Tandaan Natin

Sa araling ito, natuto kayo ng mga sumusunod :

- Nag-iiba ang mga presyo ng bilihin batay sa panahon o buwan.
- Mas mahal ang mga gulay kung tag-ulan dahil madaling masira ang mga ito kapag nabasa at mahirap ibiyahe.
- Mas mura ang mga prutas, tulad ng mga mangga, kapag tag-init dahil nasa panahon ang mga ito.
- Mayroong iba pang kalagayan o katayuan na maaring makaapekto sa presyo ng mga bilihin. Isang halimbawa ang pagtuklas ng isang sakit na nakakaapekto sa mga hayop na tulad ng baka at baboy.
- Mahalagang malaman kung aling produkto ang mura bukod sa maganda ang kalidad. Makakatulong ito sa iyo upang makatipid.
- Kausapin ang mga tindero sa mga palengke at tindahan upang malaman kung aling produkto ang mura at maganda ang kalidad.
- Kung maraming suplay at mababa ang pangangailangan para sa produkto, mas mura ang presyo. Kung may kakulangan sa suplay at mataas ang pangangailangan para sa produkto, nagiging mahal ang presyo. Kung may sapat na suplay at normal na pangangailangan, nananatiling matatag ang presyo ng bilihin.

# Anu-ano ang Iyong mga Karapatan Bilang Mamimili?

May mga karapatan ba ang mga mamimili? Anu-ano ang mga karapatang ito? Ipinagtatanggol ba tayo ng mga ito laban sa mga mapang-abusong pabrikante at negosyante? Paano? Anu-ano ang mga pananagutan natin bilang mamimili alinsunod sa ating mga karapatan?


Pagkatapos ng araling ito, kaya mo nang ipaliwanag ang mga batas na nagtatanggol sa mga mamimili at ang mga karapatan ng mga konsyumer.



## Pag-aralan at Suriin Natin Ito

Basahin ang mga kalagayan sa ibaba , at sagutin pagkatapos ang mga tanong na sumusunod.

1.

| | |
|---|---|
| Bumili si Aling Mila ng rice cooker sa isang malaking tindahan. Bago niya binili ang lutuan ay tiningnan niya nang maigi at sinuri ito. Pagkatapos ay inuwi niya at ginamit. Nang oras na ng pagkain, binuksan niya ang lutuan ng bigas upang makita lamang na hindi pa luto ang bigas. Nguni't mainit pa ang tubig. Sinuri niya ang lutuan at nalamang sira pala ang switch. |  |

Sa iyong palagay :

a. Ano ang dapat gawin ni Aling Mila ?

________________________________________________________

________________________________________________________

b. Kanino siya dadaing? Bakit?

________________________________________________________


________________________________________________________

c. Paano niya gagawin ito?

________________________________________________________

________________________________________________________

2.

| | |
|---|---|
| Bumili si Mang Pepe ng sapatos bilang regalo niya sa kaarawan ng kanyang anak na babae. Binili niya ito sa isang "sale". Sa sumunod na araw, binuksan ng kanyang anak ang regalo at sinukat ang sapatos. Bumuka ang harap na bahagi ng kanang sapatos. Napansin ni Mang Pepe na maluwag ang tahi sa bahaging yaon ng sapatos. Nakasaad sa resibo "Walang saulian, walang palitan." |  |

a. Ano ang gagawin ni Mang Pepe? Wala na siyang pera upang bumili ng isa pang pares ng sapatos.

_______________________________________________________________

_______________________________________________________________

3.

| | |
|---|---|
|  | Nagpapagawa ng bahay si Tito Fred. Nagbilin siya ng tablang tinuyo sa hurno para sa bubong ng extension ng bahay niya. Mas mahal ang ganitong uri kaysa sa karaniwang kahoy. Pagkatapos ng dalawang buwan, dumating ang tag-ulan. Di-nasiyahan si Tito Fred dahil bumukol ang kahoy. Sinabi ng kaibigan niyang arkitekto na hindi naman tablang tinuyo sa hurno ang binili niya. |

a. Ano ang dapat gawin ni Tito Fred ? Maaari pa ba siyang umangal samantalang dalawang buwan na ang nakalipas matapos niyang bilhin ang kahoy?

_______________________________________________________________

_______________________________________________________________

Parehong problema ang ipinapakita sa tatlong magkakaibang kalagayan. Bumili ng mga may sirang produkto sina Aling Mila, Mang Pepe at Tito Fred.

Sa palagay mo, nagbigay ka ba ng mga wastong mungkahi sa dapat nilang gawin? Basahin ang mga talata sa ibaba.

Ang mga kalagayan na ipinakita nina Aling Mila, Mang Pepe at Tito Fred ay maaaring mangyari anumang oras. Kung gayon, dapat sabihan ng mamimili ang tindahang pinagbilhan niya ng produkto o ang kompanyang gumawa ng produkto. Maaari niya ring gamitin ang "warranty" ng produktong binili niya.

May  warranty ang mga kagamitang pambahay, katulad ng bentilador, telebisyon, radyo, at plantsa kapag binili mo ang mga ito sa malalaking tindahan. Tumutukoy ang warranty sa hanggahan ng panahon na kapag natuklasang may sira ang produkto ay maaari pang ipagawa o ipalit ang libre. Mahalagang nasa iyo pa ang resibo bago mapakinabangan ang warranty.  Ang warranty  ng mga produkto ay nag-iiba ayon sa bilang ng buwan. Maaaring mapakinabangan ang mga ito sa loob ng tatlong buwan hanggang isang taon. Depende ito rin sa produktong binili mo o sa tindahang pinagbilhan mo ng produkto.

Maaari ka ring magsampa ng daing sa Kagawaran ng Kalakalan at Industriya. Ito ay kung hindi pinansin ng tindahang pinagbilan mo ng produkto o ng gumawa ng produkto ang iyong daing.



## Subukan Natin Ito

1. Bakit mabuting magtago, sa palagay mo, ng mga resibo ng mga produkto at gamit na binili mo?

   ______________________________________________________

   ______________________________________________________

2. May mga batas ba ang ating bansa na nagtatanggol sa mga karapatan ng mga mamimili? Ipaliwanag ang iyong sagot.

   ______________________________________________________

   ______________________________________________________

3. Kung inaakala mong mayroon tayong mga karapatan bilang mamimili, naipapatupad ba ang mga karapatang ito? Bakit o bakit hindi?

   ______________________________________________________

   ______________________________________________________

4. Magsulat ng kahit dalawang karapatan ng mamimili. Ipaliwanag ang bawat isa.

   ______________________________________________________

   ______________________________________________________

Tingnan mo kung tama ang iyong mga sagot. Ihambing ang mga sagot mo sa *Batayan sa Pagwawasto* sa pahina 55.



## Pag-isipan Natin Ito

Narinig mo na ba ang Republic Act # 7394? Kilala rin itong bilang Aktong Pang-mamimili ng Pilipinas. Bakit ginawang batas ito? Paano ito nakakatulong sa mga katulad nating mamimili?

Hangarin ng RA 7394 na gawin ang mga sumusunod :

- ipagtanggol ang kapakanan ng mamimili;
- itaguyod ang pangkalahatang kapakanan ng mamimili; at
- magtayo ng batayan ng pagpapatakbo ng negosyo at industriya.

Batay sa ilang simulain ang R.A. 7394, katulad ng nasa ibabang islogan.

> "Dapat na maganda ang kalidad at may wastong etiketa ang mga ipinagbibiling produkto."

Sumasang-ayon ka ba sa sinasabi ng islogan? Bakit?

______________________________________________________________

______________________________________________________________

______________________________________________________________


Sa mga naunang bahagi ng modyul, tinalakay natin ang kahalagahan ng mga etiketa sa produkto. Bakit ? Dahil ang wastong paglagay ng etiketa ay nagbibigay ng eksaktong impormasyon sa mamimili tungkol sa:

- kalikasan, kalidad at bilang ng nilalaman ng mga produkto; at
- halaga ng nasabing mga produkto.


Nais bigyang-diin ng RA 7394 ang **kahalagahan ng paglalagay ng etiketa at makatarungang pagpakete ng mga produkto at gamit na ibinebenta sa mga mamimili.** Sa pamamagitan ng wastong paglalagay ng etiketa at pagpakete ng mga produkto, mabibigyan ang mga mamimili ng magandang pagkakataon upang suriin ang mga produktong kanilang bibilhin.

## Alamin Natin

Ano pa ang dapat nating malaman tungkol sa RA 7394 ? Ito ang ilan sa mga mahalagang katotohanan tungkol o kaugnay ng batas na ito:



- May responsibilidad ang mga pabrikanteng lokal at taga-ibang bansa, mga producer at mang-aangkat na harapin ang mga isinampang daing ng mamimili kung may sira ang kanilang biniling produkto.
- May responsibilidad ang negosyante na magbenta sa mamimili ng mataas na uri ng produkto. Kung makitang may sira itong mga produkto, may karapatan ang mamimiling hilingin sa nagbebenta na palitan ang produkto o ibalik ang perang ibinayad.
- Hindi dapat magpalabas ng mali o nakakalitong anunsiyo ang kahit sinong pabrikante, producer, mang-aangkat, o negosyante tungkol sa ibinebenta nilang mga produkto.




- Dapat maglaman ng wastong etiketa o tag price ang mga produkto at gamit bilang batayan ng mamimili sa pagpasiya kung anong produkto ang bibilhin.
- Dapat itago ng mga mamimili ang kanilang mga resibo. Magagamit ito na isang patunay ng kanilang pagbili kung sakaling mayroon silang daing tungkol sa biniling produkto.
- Dapat suriing mabuti ng mamimili ang kalidad ng produktong binibili nila. Mapapalitan o maibabalik lamang ang nagastos sa produkto kung napatunayang may sira nang binili ang mga ito.
- Hindi maaaring magsampa ng daing ang mga mamimili laban sa mga pabrikante, mang-aangkat, o negosyante kung ang mamimili ang nakasira ng produkto.( Hindi ko mapapalitan ito dahil ako ang nakasira nito)




- Hindi dapat lagyan ng “Walang Saulian, Walang Palitan” ang mga produkto at resibo. Pinapahintulutan ito kapag maaaring masira ng sunog o tubig ang mga produkto.

Naaalala mo pa ba ang nakasaad sa batas? Magaling kung naaalala mo pa. Kung hindi, dapat basahin mo muli ang mga nakasaad sa itaas.



## Pag-isipan Natin Ito

Sa unang bahagi ng aralin, nabanggit na maaari kang magsampa ng daing sa tindahan kung saan mo binili ang sirang produkto. Nalaman mo rin na hinahangad ng RA 7394 na ipagtanggol ang mga mamimili laban sa mga negosyante at pabrikante. Ano ang kinakailangan mong malaman upang makasampa ka na iyong daing sa Kagawaran ng Kalakalan at Industriya ?

Itala sa ibaba ang mga hakbang sa pagsampa ng daing sa Kagawaran ng Kalakalan at Industriya o alin mang sa kinaukulang ahensiya.

1. ____________________________________________________________

   ____________________________________________________________

2. ____________________________________________________________

   ____________________________________________________________

3. ____________________________________________________________

   ____________________________________________________________

4. ____________________________________________________________

   ____________________________________________________________

Sigurado ka ba sa mga sinulat mong mga hakbang sa mga patlang? Tuklasan natin. Ihambing ang iyong mga sagot sa iyong mababasa sa ibaba.

Kung nakabili ang isang mamimili ng sirang produkto, ito ang dapat niyang gawin ayon sa Kagawaran ng Kalakalan at Industriya :


1. *Alamin ang problema.*




Isipin mo ang nais mong lunas :

- Isauli ang binayad;
- Ayusin ang produkto; o
- Palitan ng bagong istak

2. *Hanapin ang resibo, "warranty" kard, o contrata*



SM APPLIANCE CENTER
STAR APPLIANCE
CENTER INC.
TIN# 000-086-204-009V
SN# 000Y06165
THIS IS AN OFFICIAL
RECEIPT

1770.95
* SUBTOTAL * 1770.95
** TOTAL **
1770.95
CHARGE 1770.95
CASH CHANGE 0.00
1 ITEM(S)
THANK YOU. COME AGAIN.

Kinakailangan mong ipakita ito sa tindahan o sa pabrikante kapag nagsampa ka ng iyong daing.

3. *Bumalik ka sa tindahan at hanapin ang nagbenta sa iyo ng produkto.*




Ipaliwanag ang iyong problema at kung ano ang nais mong mangyari dito. Kung kinakailangan, maaari kang gumawa ng *appointment* sa manedyer.

4. *Kung ang iyong daing ay hindi nadinig nang mabuti ng tindahan o kompanya na gumawa ng produkto, sumulat sa isang ahensiya na maaaring duminig sa iyong daing.*



Ano ang dapat na nakasulat sa liham? Ito ang mga dapat na nakasulat sa liham na iyong ipapadala sa isang ahensiyang katulad ng Kagawaran ng Kalakalan at Industriya:

- Ang iyong pangalan at tirahan;
- Pangalan ng tindahan o kompanya kung saan mo binili ang sirang produkto;
- Pangalan ng nagbenta at kung saan at kailan natutukoy ang daing;
- Mahahalagang dokumento, katulad ng mga resibo at kontrata; at
- Pahayag na pumapayag ka na harapin ang mga kinauukulan, kung kinakailangan.

Dapat mo ring malaman na maaaring malutas ang isang problema sa mapayapang pag-uusap. Huwag mong paiiralin ang galit at huwag kang mapapadala sa iyong damdamin. Kalmado ka lang habang nag-uusap kayo. Makakatulong ito upang malutas nang mabilis ang problema.



## Pag-isipan Natin Ito

Maliban sa Kagawaran ng Kalakalan at Industriya, sa anong iba pang mga ahensiya ng pamahalaan ka maaaring magsampa ng iyong mga daing tungkol sa sirang produkto?

_______________________________________________________________

_______________________________________________________________

_______________________________________________________________

Nakaisip ka pa ba ng kahit isang ahensiya ng pamahalaan na tatanggap ng iyong daing? Magpatuloy sa pagbabasa at malalaman mo ang iba pang posibleng mga ahensiya na didinig sa iyong daing.

Ayon sa RA 7394, maaari tayong magsampa ng ating mga daing tungkol sa ating mga pinamili sa mga sumusunod na ahensiya :

1. **Kagawaran ng Kalakalan at Industriya**
   - Tanggapan ng Kalidad at Kaligtasan ng Produktong Pang-mamimili
   - Tanggapan ng Bigat at Sukat
   - Tanggapan ng Etiketa, Pagpapakete at Price tag
   - Tanggapan ng Warranties ng Produktong Pangmamimili at Serbisyo
   - Tanggapan ng Pag-aanunsiyo at Pagtataguyod ng Benta
   - Tanggapan ng Serbisyo at Pagkumpuni

2. **Kagawaran ng Kalusugan**

   - Tanggapan ng Pagkain, Gamot, Kosmetiko at Kagamitan
   - Tanggapang ng Mapanganib na Substances
   - Tanggapan ng Etiketa, Pagpapakete at Price Tag
   - Tanggapan ng Pag-aanunsyo at Pagtataguyod ng Benta

3. **Kagawaran ng Agrikultura**

   - Tanggapan ng Kalidad at Kaligtasan ng Produkto
   - Pagpapakete ng mga Produktong Agrikultural

4. **Bangko Sentral**

5. **Komisyon ng *Securities and Exchange***


Halimbawa, maaari kang magsampa ng daing sa Kagawaran ng Kalakalan at Industriya-Tanggapan ng Warranties ng Produktong Pangmamimili kung nakabili ka ng refrigerator o bentilador. Para sa mga gamot na hindi wasto ang etiketa, maaaring magsampa ng daing sa Kagawaran ng Kalusugan – Tanggapan ng Etiketa, Pagpapakete at Price Tag.

Ang ahensiyang pagsasampahan mo ng daing ay depende sa produktong iyong binili. Maaari mo ring tawagan ang mga ahensiyang ito para sa mga pagsisiyasat tungkol sa mga produktong binabantayan nila sa mga palengke at tindahan. Mahalagang matandaan mo ang mga ahensiyang ito. Maaari ka nilang tulungang i-proseso ang iyong daing tungkol sa binili mong sira o depektong produkto.



## Pag-aralan at Suriin Natin Ito

Pag-aralan ang larawan sa ibaba. Tungkol saan ang kalagayang ito? Isulat ang iyong mga kaisipan sa mga puwang sa ibaba ng larawan.




_______________________________________________________________

_______________________________________________________________

Kinakausap ng babae  ang isang *Consumer Arbitration Officer*.  Ano ang *Consumer  Arbitration  Officer?*

Ayon sa RA 7394, ang *"Consumer Arbitration Officer* ay may esklusibong sakop  upang **mamagitan,  makipagkasundo,  makinig** at **magbigay ng hatol** sa lahat ng mga daing ng mga mamimili. Magdadaos siya ng mga bista sa ano mang natanggap niya or inihain sa kanya ng Konseho ng Pambansang Gawain ng Mamimili.

Ano ang Konseho ng Pambansang Gawain ng Mamimili ? Nilikha ang Konsehong ito ng RA 7394 upang bantayan ang pagpapatupad ng batas. Itinatag ang Konseho **upang pagbutihin ang pamamahala, koordinasyon at pagkamabisa ng mga programang pang-mamimili.**

Ipinagtatanggol ng Konseho ang mamimili sa:

- mga banta sa kalusugan at kaligtasan  na sanhi ng biniling produkto, at
- pandaraya at di-makatarungang pamamalakad ng mga negosyante sa pagbenta  ng kanilang mga produkto.

Nagbibigay ng impormasyon ang Konseho at nagtuturo sa mga mamimili kung paano pumili ng wastong produkto. Binibigyan ang mamimili ng pagkakataong pumili ng wastong produkto. Ginagabayan din ng Konseho ang mga mamimili na iwasan ang di-makatarungang  gawi ng ibang pabrikante, producer, mang-aangkat, at negosyante.



## Pag-isipan Natin Ito

Naniniwala ka bang dapat parusahan ang  mga taong nakitang umaabuso sa mga mamimili at nagpapalsipika ng impormasyon? Bakit?

_______________________________________________________________________

_______________________________________________________________________

_______________________________________________________________________

_______________________________________________________________________

_______________________________________________________________________

Isinabatas ang RA 7394 upang ipagtanggol ang mga karapatan ng mga mamimili.  Tinitiyak din ang mga responsibilidad ng mga pabrikante, producer, mang-aangkat, negosyante at kahit ang mga mamimili rin.

Ayon sa batas, pinaparusahan ang mga taong lumalabag sa karapatan ng mamimili. Ang mga parusa ay:

- **Parusang Kriminal**—Sumasailalim sa parusang ito ang mga lumalabag sa mga batas tungkol sa pagkain, gamot, kosmetiko at produktong may lason.

  "Multa na hindi bababa sa P500 at hindi lalampas ng P20,000, o pagkakabilanggo ng 3 buwan hanggang 2 taon. Ang hukom ang magpapasiya kung magkano ang multa o tagal ng pagkabilanggo."

- **Parusang Pampangasiwaan—**Batay sa bigat o lubha ng kaso, ang multang hindi bababa sa P500 at hindi lalampas ng P30,000 ay maaaring ipataw. Kung tuluy-tuloy ang paglabag, ang multa ay P1,000 bawat araw na ginawa ang paglabag.

Ngayon ay alam mo na kung tungkol saan ang RA 7394. Oo, tayong mga mamimili ay may mga karapatan! Mahalagang malaman natin ang ating mga karapatan at ibahagi ang mga ito sa ibang mga miyembro ng ating pamilya, mga kaibigan at kapitbahayan. Mahalaga rin nating malaman na alinsabay ng mga karapatang ito ang mga responsibilidad natin bilang mga mamimili.



## Pag-isipan Natin Ito

Sa Estados Unidos, may karapatan ang mamimili na palitan ang mga produktong binili nila bilang regalo kung hindi ito nagustuhan o di-kailangan ng pinagbigyan. Halimbawa, maaaring isauli ng isang tao kung ayaw niya ang kulay ng kamisadentro, o kung hindi kasya ang kamisadentro, o mayroon ng ganong produkto ang tao. Bale wala kung ang produkto ay ginamit na o hindi. Pinapalitan ng bagong istak ng tindahan ang mga produkto kung may daing ang mga mamimili.

Nangyayari ba ito sa Pilipinas? Ipaliwanag ang iyong sagot.

_____________________________________________________________

_____________________________________________________________

Bilang isang mamimili, ang RA 7394 ba ay ipinatutupad nang tama sa ating bansa? Bakit o bakit hindi?

_____________________________________________________________

_____________________________________________________________

Sapat ba o epektibo ang RA 7394 sa pagtatanggol ng mga karapatan ng mamimili ? Bakit o bakit hindi?

_____________________________________________________________

_____________________________________________________________

Maaari mong ihambing ang iyong mga sagot sa *Batayan sa Pagwawasto* sa pahina 56.

Mahalagang malaman na ang batas na hindi naman epektibo ay maaaring pagbutihin sa pamamagitan ng pagbabago o pagpapawalang-bisa. Ang pagbabago ng batas ay nangangahulugan ng pagwawasto ng batas. Halimbawa, isa sa mga batas sa ilalim ng RA 7394 ay maaaring baguhin sa pamamagitan ng paglapat ng mas mataas na multa bilang parusa.

Samantala, ang pagpapawalang-bisa ng batas ay nangangahulugang bubuwagin mo ito. Nakikitang di-mahalaga ang mga batas na napawalang-bisa dahil ang mga ito ay maaaring salungat sa ibang mga batas na pinagtibay na. O maaaring nakitang hindi na mahalaga ang mga ito.

Alam mo na ngayon na may mga karapatan ang mga mamimili. Bilang mamimili, may karapatan tayong itaguyod ang RA 7394. Kung ang iyong kapitbahayan ay hindi pa alam ang tungkol sa batas na ito, maaari kang magkaroon ng maliit na talakayan kasama sila upang pag-usapan ang mga karapatan ng mamimili. Ipaliwanag sa kanila na hangad ng RA 7394 na ipagtanggol ang mga mamimili kapag bumibili sila ng mga produkto at gamit. Sana suwertihin ka !

## Alamin Natin ang Iyong mga Natutuhan

A. Basahin ang salaysay sa ibaba.

Pumunta si Pedro sa isang mall na malapit sa kanila upang bumili ng telebisyon. Nakita niya sa isa sa mga tindahan sa mall ang telebisyon na gusto ng kanyang pamilya. Tiningnan niyang mabuti kung gumagana ito na maigi. Mabuti naman ang kondisyon kaya binili niya ito.

Nang dumating siya sa bahay, ang kanyang pamilya ay hindi makahintay na subukan ang bagong telebisyon. Ang kanilang panganay na anak na si Juan ang naatasang ayusin ang telebisyon. Nang binuksan niya ito, nalaman niyang hindi gumagana ang telebisyon. Tiningnan nila lahat ngunit ayaw talagang gumana ang telebisyon.

Sa sumunod na araw, bumalik si Pedro sa tindahan sa mall. Idinaing niya ang binili niyang telebisyon. Ipinakita niya ang kanyang resibo. Ngunit, hindi siya pinansin ng manedyer. Kinatwiran niyang gumagana naman ang telebisyon nang binili niya ito. Bigong-bigo ang pakiramdam niya.

Naiintindihan mo ba ang kalagayan? Sagutin ang mga sumusunod:

1. Ano ang susunod na dapat gawin ni Pedro?

   ____________________________________________________________

   ____________________________________________________________

2 Sumasang-ayon ka ba o hindi sa manedyer ng tindahan na nagbenta ng telebisyon kay Pedro ? Ipaliwanag ang iyong sagot.

____________________________________________________________

____________________________________________________________

3. Kung ikaw si Pedro, magsasampa ka ba ng daing ? Oo____ Hindi_____ Bakit?

____________________________________________________________

____________________________________________________________

4. Kung ang sagot mo ay oo, kanino ka magsasampa ng daing?

____________________________________________________________

____________________________________________________________

5. Sa palagay mo, papalitan kaya ng manedyer ang telebisyon kung magsasampa si Pedro ng daing ? Bakit o bakit hindi?

____________________________________________________________

____________________________________________________________

6. Sa palagay mo, anu-ano ang mga posibleng kahihinatnan ng daing ni Pedro kaugnay ng posibleng parusa sa may-ari ng tindahan?

____________________________________________________________

____________________________________________________________

B. Sa nakalaang espasyo, sumulat ng isang maikli at payak na sulat ng hinaing. Maaari kang sumangguni sa bahagi ng aralin sa pahina 43 na tumatalakay kung paano magsulat ng sulat ng hinaing.


Ihambing ang iyong mga sagot sa *Batayan sa Pagwawasto* sa pp. 57–58.

Malapit na tayong matapos sa ating modyul. Maligayang pagbati sa masigasig mong pag-aaral! Nagustuhan mo ba ang modyul? Mayroon ka bang natutuhang kapakipakinabang ? Isang buod ng mga mahalagang puntos ang ibinibigay sa ibaba upang tulungan kang maalala nang mabuti ang mga ito.



## Tandaan Natin

- Ang RA 7394 o Akto ng Mamimili ng Pilipinas ay isang batas na ipinagtatanggol ang mga karapatan ng mga mamimili.
- May mga ahensiya na sumasagot sa mga daing tungkol sa mga sira o may depektong produkto.
- Maaaring maayos ang mga daing sa pagitan ng mamimili at ng negosyante o pabrikante.
- Itinatag ang Konseho ng Pambansang Gawain ng Mamimili upang pagbutihin ang pamamahala , koordinasyon at pagiging mabisa ng mga programang pang-mamimili.



## Ibuod Natin

Sa modyul na ito ay tinuruan ka ng mga sumusunod :

- Ang isang matalinong mamimili ay:
  - parating isinasang-alang-alang ang kalidad ng produktong kanyang binibili. Tinitignan niya ang produkto o pagkain bago ito bilhin.
  - parating binabasa ang etiketa upang maiwasan ang gulo o mga panganib, lalong-lalo na kung bumibili ng mga kemikal at lason, tulad ng pestisidyo.
  - isang taong inihahambing ang mga presyo ng mga produkto sa ibang produkto bago ito bilhin. Sa ganitong paraan, siya ay nakakatipid.
- Maaaring mag-iba ang mga presyo ng mga produkto at gamit, depende sa panahon o buwan.
- Isinasaad ng batas ng panustos at pangangailangan na:

  *"kung marami ang suplay at mababa ang pangangailangan, ang mga presyo ng bilihin ay bababa. Nagiging sanhi ito upang maging mas mura ang mga produkto at gamit. Kung mataas ang pangangailangan at mababa ang suplay, tataas ang mga presyo ng mga bilihin. Nagiging sanhi ito upang maging mas mahal ang mga produkto at gamit. Kung balanse ang suplay at pangangailangan, magiging normal ang mga presyo ng bilihin."*

- Mayroong batas na nagtatanggol sa mga karapatan ng mga mamimili. Ito ang RA 7394 o ang Akto ng Pilipinas Ukol sa Mamimili. Isinasaad dito na :
    - may responsibilidad ang mga pabrikanteng lokal at sa ibang bansa, at mang-aangkat upang harapin ang anumang daing na sinampa ng isang mamimili kung makitang sira o may depekto ang biniling produkto.
    - may responsibilidad ang negosyante na magbenta ng mga produktong mataas ang kalidad sa mga mamimili. Kung makitang sira o depekto ang mga produkto, may karapatan ang mga mamimili na hilingin sa negosyante na palitan ang produkto o ibalik ang pera na ibinayad nila.
    - hindi dapat magpalabas ang sinumang pabrikante, produktor, mang-aangkat o negosyante ng di-totoo o nakakalitong anunsiyo tungkol sa mga produktong ibinebenta nila.
    - dapat lagyan ng wastong "price tag" ang mga produkto at gamit kung saan maaaring ibatay ng mamimili ang kanyang pasiya na bilhin ang isang produkto.
    - dapat na may wastong etiketa ang mga produkto at gamit.
- Maaaring magsumite ang mga mamimili ng mga hinaing na sulat tungkol sa mga produktong sira o may depekto.



## Anu-ano ang mga Natutuhan Mo?

A. Tingnan ang loob ng iyong kabinet sa kusina at maghanap ng mga aytem tulad ng sardinas at iba pang pagkaing de-lata, instant na sopas na miki, gatas, o kahit anong produktong pagkain na may etiketa. Pag-aralan ang bawat etiketa.

1. Suriin lahat ang mga nakasulat sa mga ito.
2. Sa bawat etiketa, tingnan kung ang nakalistang impormasyon sa tsart sa ibaba ay nasa etiketa rin. Sagutin kung OO o HINDI. Ginawa na ang bilang 1 para sa iyo.

| Pangalan ng Produkto | Pangalan ng pabrikante | Halaga | Aktibong Sangkap | Netong Nilalaman | Direksiyon sa Paggamit | Petsa ng Ekspirasyon |
|---|---|---|---|---|---|---|
| 1. Orange Juice | Oo | Hindi | Oo | Oo | Oo | Hindi |
| 2. | | | | | | |
| 3. | | | | | | |
| 4. | | | | | | |
| 5. | | | | | | |

Batay sa iyong pagmamasid, sagutin ang mga sumusunod na tanong:

1. Ang lahat ba ng impormasyon na hinihingi sa tsart ay nakasulat din sa bawat etiketa?

   ___________________________________________________________

   ___________________________________________________________

2. Alin sa mga produkto ang may kompletong impormasyon batay sa tsart?

   ___________________________________________________________

   ___________________________________________________________

3. Aling produkto ang kulang sa impormasyon ? Anong impormasyon ang kulang?

   ___________________________________________________________

   ___________________________________________________________

4. Mayroon bang nakasulat na impormasyon sa mga etiketa na wala sa tsart?

   ___________________________________________________________

   ___________________________________________________________

5. Pumili ng isang produkto na may pinakakompletong impormasyon. Ipaliwanag ang kahalagahan o kahulugan ng bawat bahagi ng impormasyon (Hal., petsa ng ekspirasyon, halaga, etc.)

   ___________________________________________________________

   ___________________________________________________________

B. Itala ang mga prutas na nakikitang mura sa panahon ng tag-init. Sa bahaging kanan ng prutas, isulat ang tiyak na buwan kung kailan ito pinakamura. Nagawa na ang isa para sa iyo.

   1. **Mangga—buwan ng Mayo**
   2. ________________________________
   3. ________________________________
   4. ________________________________
   5. ________________________________

C. Ipagpalagay mo na may 8-buwan kang sanggol. Kailangan mong bumili ng gatas. Nang pumunta ka sa tindahan, sinabi ng tindera na may tatlong uri ng gatas.

Ang mga katangian ng bawa't tatak at:

| Gatas | Tatak | Bigat | Halaga |
|---|---|---|---|
| A | Ibang bansa | l litro | ₱ 78.50 |
| B | Lokal | 1 ½ litro | ₱ 79.00 |
| C | Lokal | 1 ½ litro | ₱ 78.50 |

1. Alin ang pinakamahusay na bilihin sa tatlo? Magkano ang presyo nito?

   ______________________________________________________________

   ______________________________________________________________

2. Aling gatas ang iyong bibilhin? Ano ang batayan mo sa iyong pagpili?

   ______________________________________________________________

   ______________________________________________________________

D. Kompletuhin ang pangungusap sa pamamagitan ng pagpuno ng mga patlang.

1. RA ______ o ang ____________________________________________ ay isang batas na nagtatanggol ng mga karapatan ng mamimili.

2. Ang batas na ito ay humantong sa paglikha ng ______________________

   ______________________________________________________________.

3. Kung bumili ka ng isang produkto at natuklasan mong may sira o may depekto ito, maaari kang ____________________, __________________, o ________________________ ng pabrikante o negosyante.

Ihambing ang iyong mga sagot sa *Batayas sa Pagwawasto* sa pp. 59–60. Gaano kahusay ang nagawa mo? Kung nasagot mo nang tama ang lahat, maaari ka nang mag-aral ng ibang modyul. Kapag hindi, balik-aralan ang mga bahaging nagkaroon ka ng mali bago pumunta sa ibang modyul.

## Batayan sa Pagwawasto

### A. Anu-ano na ang mga Alam Mo? *(pp. 2–4)*

1. **Sang-ayon—**Ang mga etiketa sa mga produkto ay naglalaman ng impormasyon, katulad ng pangalan ng pabrikante, mga sangkap, direksiyon sa paggamit, netong nilalaman, halaga ng produkto at petsa ng ekspirasyon. Sa pagtingin natin sa etiketa, maaari nating makita ang kalidad ng produkto na binibili natin. Ginagarantiya rin ang kaligtasan ng produkto sa ating kalusugan.

2. **Sang-ayon—**Ang pagtingin at paghambing ng kalidad ng produkto ay nangangahulugan ng masusing pagsusuri ng produkto bago ito bilhin. Ito ang titiyak ng mabuting kalidad ng produkto na iyong binibili.

3. **Sang-ayon—**Ang mga convenience food ay may karagdagang kemikal dahil nakahandang pagkain ang mga ito. Ginagawa ng mga kemikal na mas malasa ang pagkain o pinapalitan ang mga bitamina at mineral na nawawala sa pagproseso ng produkto. Halimbawa ng mga kemikal ay ang mga preserbatiba.

4. **Sang-ayon—**May epekto ang mga gamot sa kalusugan ng tao. Ang pag- alam ng petsa ng ekspirasyon ng gamot ay makakatulong upang tiyakin kung ligtas ito o hindi ang mga ito. Sa karagdagan, naglulustay lang tayo ng salapi kung bibili tayo ng gamot na expired na.

5. **Di-sang-ayon—**Hindi lahat ng mga produkto ay nag-iiba depende sa panahon. Subalit, may ilang produkto at gamit ng nag-iiba ang mga presyo depende sa panahon o buwan. Halimbawa ang mangga. Mahal ito kapag tag-ulan at mura kapag tag-init. Mas mura ang mga ito sa tag-init dahil ito ang panahon ng pamumulaklak nila.

6. **Sang-ayon—**Dapat na masulit ng mga mamimili ang halaga ng kanilang salapi. May karapatan silang makakuha ng mga produktong mataas ang kalidad.

7. **Sang-ayon—**Isang paraan sa pagtukoy ang pinakamahusay na produkto ang paghambing nito sa isa pang produktong katulad ang mga nilalaman. Sa ganitong paraan, malalaman natin kung alin ang mas mura bukod sa mataas ang kalidad.

8. **Di-sang-ayon—**May karapatan ang mga mamimiling magsampa ng mga daing laban sa mga pabrikante at negosyante na nagbebenta ng mga produktong sira o may depekto. Bilang mamimili, dapat lang na masulit nila ang halaga ng kanilang biniling mga produkto. Mayroon ding batas na nagtatanggol sa mga karapatan ng mga mamimili.

9. **Di-sang-ayon—**Hindi lahat ng mga produkto na mababa ang presyo o naka-sale ay mahusay ang kalidad. Kapag bumili ka ng produktong naka-sale, suriing maigi ang kalidad ng mga produkto.

10. **Sang-ayon—**Hahanap ang isang matalinong mamimili ng mga alternatibong mas murang mga produkto na mayroong nilalaman at sangkap na katulad sa isang mahal na produkto.

## B. Aralin 1

*Subukan Natin Ito (pahina 15)*

1. Isa itong halimbawang sagot. Subalit, ang iyong sagot ay dapat na kapareho nito. Maaaring talakayin ang sagot mo sa iyong *Intructional Manager* o *Facilitator.*

   May nilalaman na mga *food additives* ang ilang produkto, tulad ng *creamers* at *sandwich spread* ay upang gawing mas malasa ang produkto. Tumutulong din itong magpahaba ng buhay ng produkto.

2. Isa itong halimbawang sagot. Nakabatay ang iyong sagot sa iyong pananaw. Maaaring talakayin ang iyong sagot sa iyong *Intructional Manager* o *Facilitator.*

   Mga halimbawa ng mga fortified na produkto ang :

   - Orange juice
   - Gatas
   - Mga inumin na nagbibigay ng lakas

   Mga halimbawa ng mga convenience food ang :

   - Miki
   - Pagkaing de-lata, tulad ng karne norte at longganisa
   - Mga cereal

3. Isa itong halimbawang sagot. Nakabatay ang iyong sagot sa iyong pananaw. Maaaring talakayin ang iyong sagot sa iyong *Instructional Manager* o *Facilitator.*

   Kung kukuha ang isang tao ng higit sa rekomendadong dami ng food additive, maaari siyang ma-ospital. Limitado ng Kawanihan ng Pagkain at Gamot ang dami ng food additives dahil may masamang epekto sa kalusugan ang mga ito.

*Subukan Natin Ito (pahina 17)*

1. Ang tamang sagot ay: Sardinas B [4]

   Sardinas A:

   22/400 g = ₱ 0.055 o 5.5 sentimos bawat gramo

   Sardinas B—Mas mabuting bilhin ang produktong ito dahil mas mababa ang presyo.

   25/500 g = ₱ 0.05 o 5 sentimo bawat gramo

2. Ang tamang sagot ay : Karne Norte B [4]

   Karne Norte A:

   35/300 g = ₱ 0.11666 o 12 sentimos bawat gramo

   Karne Norte B—Mas mura ang produkto at mas marami ang nilalaman hambing sa Karne Norte A.

   50/450 g = ₱ 0.11 o 11 sentimo bawat gramo

3. Ang tamang sagot ay: Gatas B [4]

   Gatas A:

   45/250 g = ₱ 0.18 o 18 sentimo bawat gramo

   Gatas B—Mas mabuting produkto ito dahil mas mura at mas marami ang nilalaman hambing sa Gatas A.

   100/600 g = ₱ 0.16666 / 0.17 o 17 sentimo bawat gramo

4. Ang tamang sagot ay: Orange Juice A [4]

   Orange Juice A—Ito ang pinakamahusay na produkto dahil ito ay mas mura at mas marami ang nilalaman kung ihahambing sa Orange Juice B.

   95 /1 litro = ₱ 95 bawat litro

   Orange Juice B:

   160/1.5 litro = ₱ 106.6666 o ₱ 107 bawat litro

*Alamin Natin ang Iyong mga Natutuhan (pp. 18–20)*

A. 1. Ipinapabatid ng produkto sa mamimili ang mga sumusunod :

- ♦ Netong nilalaman
- ♦ Mga sangkap
- ♦ Mga direksiyon sa paggamit
- ♦ Pangalan ng Pabrikante

2. Ang iyong sagot ay dapat kapareho sa sagot na ito.

Hindi, hindi sapat ang mga etiketa sa produkto. Dahil *insecticide* ang produkto, nararapat na maglaman ito ng impormasyon sa panganib ng produkto sa kalusugan ng tao, lalong-lalo na sa mga bata.

Maaari ding maglaman ng isang senyas na bungo na nagpapahiwatig na may lason ang produkto dahil sa nilalaman nitong kemikal.

Maaari mong ipakita ang iyong mga sagot sa iyong *Instructional Manager* o *Facilitator* para sa kanyang mga puna.

B. 1. Ang mga hanay na nagpapahiwatig ng **mga karagdagang sangkap, bigat** at **halaga** ay nagpapakita ng kalidad ng produkto.

2 Isa itong halimbawang sagot. Ang iyong sagot ay nakabatay sa iyong pananaw. Dapat mong ipakita ang iyong sagot sa *Instructional Manager* o *Facilitator* para sa kanyang mga puna.

3. Kung ang presyo ang magiging batayan ng pagpili ng produkto, pinaka mura ang tatak C. Ngunit kung kukuwentahin natin ang presyo bawat gramo, makakarating tayo sa mga sumusunod na sagot .

Tatak A: 60/1000 g = ₱ 0.06 o 6 sentimo

Tatak B: 57/1000 g = ₱ 0.057 o 5.7 sentimo

Tatak C: 39/750 g = ₱ 0.052 o 5.2 sentimo

Tatak D: 42/ 1000 g = ₱ 0.042 o 4.2 sentimo

Tatak D ang pinakamura sa halagang 4.2 sentimos bawat gramo.

4. Isa itong halimbawang sagot. Nakabatay ang iyong sagot sa iyong pananaw. Dapat mong ipakita ang sagot sa *Instructional Manager* o *Facilitator* para sa kanilang mga puna.

Hindi, hindi totoo ang lahat ng mga pamamaraang promosyon. Gumagamit ang mga pabrikante, mang-aangkat, o negosyante ng mga promosiyon para sa produkto upang madaling mabili ng mamimili ang kanilang mga produkto.

C. 1. Antibiotic B ang pinakamura sa tatlo.

Antibiotic A 17.50/500 mg. = ₱ 0.035 o 3.5 sentimo

Antibiotic B 3.00/250 mg. = ₱ 0.012 o 1.2 sentimo

Antibiotic C 6.50/250 mg. = ₱ 0.026 o 2.6 sentimo

2. Halimbawang sagot ito. Nakabatay ang iyong sagot sa iyong pananaw. Dapat mong ipakita ang iyong sagot sa *Instructional Manager* o *Facilitator* para sa kanyang mga puna.

Bibilhin ko ang Antibiotic B dahil ito ang pinakamura. Kahit produktong heneriko ito, sigurado akong pareho rin ang epekto nito sa mga produktong galing sa ibang bansa. Isa itong mahusay na produkto dahil pumasa ito sa pagsusuring siyentipiko. At kahit 250 mg lamang ito, dalawang piraso ng Antibiotic B ay mas mura pa rin kaysa Antibiotic A at C.

## C. Aralin 2

*Basahin Natin Ito (pp. 22–23)*

1. Maaaring nagkaroon ng maliwanag na buwan sa pangatlong linggo ni Dante sa kanyang negosyong pagkaing-dagat. Madalas, kaunting isda lamang ang nahuhuli sa panahong ito dahil kumakalat ang mga isda sa iba't ibang bahagi ng dagat o lawa. Natural, tumataas ang mga presyo ng pagkaing-dagat kahit na pareho pa rin ang namimili nito.

2. Hindi dapat masyadong mabahala si Dante na hindi mabibili ang kanyang pagkaing-dagat. Natural lamang na kaunti ang huli ng isda kapag maliwanag ang buwan. Samakatuwid, mataas ang mga presyo ng pagkaing-dagat. Dapat siyang mabahala kung bumili siya ng maraming pagkaing-dagat kahit na mataas ang mga presyo nito.

*Magbalik-aral Tayo (pahina 26)*

1. Murang bumili ng mga mangga sa buwan ng Mayo kapag nasa panahon ito.

2. Nagmamahal ang pagkaing-dagat, tulad ng isda at hipon, kung maliwanag ang buwan dahil mahirap hulihin ang mga ito. Nakakalat ang mga ito sa dagat o lawa.

3. Mas mabuting bumili ng mga gulay na mura at mataas ang kalidad kung tag-init. Sa tag-ulan, mahirap isakay ang mga gulay at madaling masira ang mga ito. Ganito ang nangyayari dahil madaling masira ang mga gulay kapag nabasa. Mahirap ding magsakay ng mga gulay galing sa mga probinsiya kapag tag-ulan kung kailan mataas ang mga ibinabayad sa mga serbisyo ng trak. Ang halaga ng pagpapatubo ng gulay ay nakikita sa halaga nito kapag inilalako na sa palengke. Kayat mahal ang mga ito kung tag-ulan.

*Alamin Natin ang Iyong mga Natutuhan (pp. 29–30)*

1. Ang sakit na *foot and mouth* ay isang sakit na nakakahawa ng mga baka at baboy. Nakakaapekto rin ito sa mga ibang hayop na biyak ang kuko, tulad ng tupa, kambing at usa. Katangian nito ang pagkakaroon ng lagnat ng hayop at mga lesyon na mukhang lintos sa dila at labi, sa loob ng bibig, sa utong at sa pagitan ng mga kuko. Nagiging sanhi ito rin ng matinding pagkawala sa produksiyon ng karne at gatas.

2. Naaapektuhan rin ang baka at baboy ng sakit na foot and mouth. Nakaapekto rin ito sa ibang mga hayop na biyak ang kuko, tulad ng tupa, kambing, at usa.

3. Isang itong halimbawang sagot. Nakabatay ang iyong sagot sa iyong pananaw. Maaari mong ipakita ang iyong sagot sa *Instructional Manager* o *Facilitator* para sa kanyang mga puna.

   Oo, bibili pa rin ako ng karneng baboy kahit na may balita tungkol sa sakit na *foot and mouth.* Kailangan ko lang masigurado na hindi nahawahan ang karneng baboy na bibilhin ko. Magagawa ko ito kung susuriin ko ang karneng baboy at tatanungin ang tindera kung saan ito nanggaling.

4. Ang balita tungkol sa sakit ng *foot and mouth* ay humantong sa pagbaba ng mga presyo sa mga palengke. Natakot ang mga tao na baka maapektuhan ang kanilang kalusugan.

5. Masisigurado kong ligtas para sa akin at sa aking pamilya ang binibili kong karne sa pamamagitan ng masusing pagsusuri ng produktong aking binibili. Kinakailangan ding tanungin ang tindero kung saan galing at gaano katagal na niyang ibinebenta ang produkto sa palengke.

6. Nagpalit ng isip na bumili ulit ng karneng baboy ang mga tao nang nakita nila at nalaman kung paano nilutas ng mga apektadong bansa ang sitwasyon.

7. Isa itong halimbawang sagot. Nakabatay ang iyong sagot sa iyong pananaw. Maaari mong ipakita ang iyong mga sagot sa *Instructional Manager* o *Facilitator* para sa kanyang mga puna.

   Bilang isang tindero sa palengke, napapangibabawan ko ang kalagayang ito sa pamamagitan ng pakikipag-usap sa mga mamimili tungkol sa mga produktong ibinebenta ko. Halimbawa, maaari kong sabihing presko, ligtas, at kung saan nanggaling ang produkto at iba pang mga tanong na maaari nilang ilabas.

8. Isa itong halimbawang sagot. Nakabatay ang iyong sagot sa kinalabasan ng iyong pagsisiyasat. Maaaring ipakita ang iyong sagot sa *Instructional Manager* o *Facilitator* para sa kanyang mga puna.

   Oo. Sa aming palengke, 1 kilo ng karneng baboy ay ₱ 115.00 lamang. Sa mall, ₱ 140.00 ito bawat kilo.

## D. Aralin 3

*Subukan Natin Ito (pahina 34)*

Mga halimbawang sagot ito. Nakabatay ang iyong mga sagot sa iyong pananaw. Maaaring talakayin iyong mga sagot sa *Instructional Manager* o *Facilitator.*

1. Nakabubuting itago ang mga resibo ng mga produkto at gamit na binili ko dahil nagsisilbi itong patunay na binili ko ang produkto sa tindahan. Mahalaga rin ang mga resibo upang mapalitan ang produkto sakaling mapatunayan na sira o may depekto nang bilhin ito.

2. Oo, may batas sa ating bansa na nagtatanggol sa mga karapatan ng mga mamimili. Pinapayagan ang mamimili na palitan ang mga nabiling sira o depektong produkto. Kinakailangan lang nilang ipakita ang resibo ng produkto.

3. Oo, dahil maaaring isauli ng mga mamimili sa mga pabrikante o negosyante ang mga produktong may sira o depekto .

4 Mayroong mga sumusunod na karapatan ang mga mamimili :

   ♦ Karapatan sa mga produktong mataas ang kalidad at may wastong etiketa.

   ♦ Karapatan na dumaing tungkol sa produkto kung makikita ng mamimili na may sira o depekto ang mga ito.

   Maaari mong ipakita ang iyong mga sagot sa *Instuctional Manager* o *Facilitator* para sa kanyang mga puna.

*Pag-isipan Natin Ito (pahina 42)*

1. Isa itong halimbawang sagot. Nakabatay ang iyong sagot sa iyong pananaw. Maaari mong talakayin ang iyong sagot sa *Instructional Manager* o *Facilitator.*

   Hindi, hindi nangyayari sa Pilipinas ang nangyayari sa Estados Unidos. Sa ating bansa, mahirap mapalitan ang isang produkto kapag napatunayang may sira ito. Mangyari'y ikinakatuwiran ng mga tindahan at mga pabrikante na tinitingnan naman na mamimili ang produkto bago nila ito bayaran

2. Ito ay isang halimbawang sagot. Ang iyong sagot ay nababatay sa iyong pananaw. Maaari mong talakayin ang iyong sagot sa *Instructional Manager* o *Facilitator.*

   Hindi, hindi natutupad nang wasto ang RA 7394. Mayroon pang mga tindahan na nagpapataw ng patakarang "Walang Saulian, Walang Palitan". Pinapahirapan ng patakarang ito ang mga mamimili sa pagsasauli ng mga produktong nakikitang may sira o depekto. Mahirap ring makakuha ng hiling sa warranty ng produkto, lalong-lalo na sa probinsiya, dahil malayo sa Metro Manila ang mga lugar na ito. Marami sa mga mamimili ang hindi pa nakakaalam na mayroong batas na nagtatanggol sa mga karapatan ng mga mamimili. Dapat magkalat ng impormasyon ang pamahalaan, lalong-lalo na ang mga kinauukulang ahensiya, tungkol sa batas na ito upang malaman ng mga tao ang kanilang mga karapatan bilang mamimili.

3 Isa itong halimbawang sagot. Nababatay ang iyong sagot sa iyong pananaw. Maaari mong talakayin ang iyong sagot sa *Instructional Manager* o *Facilitator.*

   Oo, sapat at epektibo ang RA 7394 sa pagtatanggol ng mga karapatan ng mga mamimili. Walang problema sa batas. Problema ang pagpapatupad ng batas. Dapat itaguyod at ipatupad ng lahat ng mga kinauukulang ahensiya ng pamahalaan ang batas. Nais ko ring imungkahi na baguhin ang batas. Halimbawa ang pagpataw ng mas mataas na multa o parusa para sa mga pabrikante at negosyanteng nagkasala sa pagloloko sa mga mamimili. Naniniwala rin ako na kapag maipapatupad nang wasto ang batas at mababatid ng mga tao ang katunayan ng batas na ito, magiging sapat ito at epektibo.

*Alamin Natin ang Iyong Natutuhan* (pp. 43–44)

A. Mga halimbawang sagot ito. Nababatay ang iyong mga sagot sa iyong pananaw. Maaari mong talakayin ang iyong mga sagot sa *Instructional Manager* o *Facilitator.*

1. Dapat sumulat ng hinaing na sulat sa Kagawaran ng Kalakalan at Industriya tungkol sa pamamaraan ng pagrarason ng manedyer sa kanya. May karapatan si Pedro na papalitan ang produktong binili niya sa tindahan dahil may depekto ito. Dapat niyang makuha ang halaga ng kanyang salapi.

2. Hindi, hindi ako sumasang-ayon sa manedyer. Pinagbigyan dapat ng manedyer ang daing ni Pedro tungkol sa telebisyon. Tama ang daing ni Pedro dahil bumalik siya kaagad sa tindahan nang susunod na araw matapos niyang malaman na may depekto ang produkto. Ipinakita pa niya ang kanyang resibo sa manedyer ng tindahan.

   May karapatan din si Pedro bilang isang mamimili. Dapat makuha niya ang halaga ng kanyang salapi. Tiningnan dapat ng manedyer ang produkto at sinuri kung ano talaga ang problema.

3. Oo, magsasampa ako ng daing laban sa manedyer ng tindahan. Mayroon akong karapatan bilang mamimili. Bilang mamimili, dapat makuha ko ang halaga ng aking salapi. Sa pagkakataong ito, bumili ako ng isang telebisyon na may depekto, kaya't nararapat lamang na may karapatan palitan ng tindahan ang produkto. Dapat isipin din ng tindahan na may karapatan ako sa warranty ng produkto dahil bago ito nang binili ko.

4. Isasampa ko ang daing ko sa Kagawaran ng Kalakalan at Industriya-Tanggapan ng Produktong Pang-mamimili at Serbisyong *warranties.* Namumuno ang tanggapang ito sa *warranty service.*

5. Oo. Mapapalitan ang telebisyon ni Pedro kung magsasampa siya ng daing. Ayon sa RA 7394, may karapatan ang mamimili na makakuha ng pinaka mataas na kalidad sa produktong binibili niya. Kung walang intensiyon ang tindahan na palitan ang produktong binili ni Pedro, paparusahan ng Kagawaran ng Kalakalan at Industriya ang tindahan. Malubha sa lahat, baka pawalang-bisa ang kanilang lisensiya sa negosyo.

6. Ang mga posibleng kahihinatnan ng daing ang sumusunod :

   - Baka mailagay sa ilalim ng pagmamasid ng Kagawaran ng Kalakalan at Industriya ang tindahan kung paano sila nagbebenta sa mga mamimili.
   - Baka mapatawan ng multa ng Kagawaran ng Kalakalan at Industriya dahil sa pagtanggi nilang pagbigyan ang daing ng mamimili.
   - Baka mapawalang-bisa ang lisensiya sa negosyo ng tindahan ng Kagawaran ng Kalakalan at Industriya kung mapapatunayang ito ay lumabag sa mga karapatan ng mamimili.

. B. Halimbawa ito ng isang daing na sulat. Maaari mong ipakita ang iyong daing na sulat sa iyong *Intstructional Manager* o *Facilitator.*

Enero 18, 2001

**Kagawaran ng Kalakalan at Industriya**
Tanggapan ng Kalidad at Kaligtasan ng Produktong Pangmamimili

Ginoo/Ginang:

Ako po ay si Pedro S. Cruz ng #18 Francisco St., Merry Homes Subdivision, Novaliches, Quezon City. Nais ko pong magsampa ng daing laban sa Santos' Appliance Store sa 205 Regalado Avenue, Quezon City.

Tungkol po ito sa telebisyon na aking binili sa tindahan nila noong Enero 16, 2001. Natuklasan ko at ng pamilya ko na may depekto ang telebisyon dalawang oras pagkaraang mabili ko ito. Nang binuksan namin ang telebisyon, hindi na ito gumagana.

Kinausap ko nang sumunod na araw si G. Francisco Tadtad, ang manedyer ng tindahan, tungkol dito. Ngunit iginiit niyang walang kasalanan ang kanyang tindahan sa nangyari sa telebisyon. Ang rason niya ay natingnan naman ang telebisyon bago ito binili.

Nais ko sanang humingi ng tulong sa inyong opisina tungkol sa bagay na ito. Bukas din naman akong makipag-usap kay G. Francisco Tadtad, bastat magpadala kayo ng isang kinatawan upang mamagitan sa amin. Nais ko ring ipaalam sa inyo na ang pangalan ng sales klerk na nagbenta ng produkto sa akin ay si Noel Saliendra.

Kalakip ang kopya ng resibo ng pagbili na ibinigay ng tindahan noong Enero 16, 2001.

Inaasahan kong mamamagitan sana kayo sa bagay na ito sa lalong madaling panahon. Maraming salamat po.

Gumagalang,

**Pedro S. Cruz**
Ang Nagsasakdal

## D. **Anu-ano ang mga Natutuhan Mo** *(pp. 46–48)*

A. Isa itong halimbawang sagot. Nababatay ang iyong sagot sa produktong pinili mo para sa pagsasanay na ito. Ipakita ang gawain sa *Instructional Manager* o *Facilitator* para sa kanyang mga puna.

| Pangalan ng Produkto | Pangalan ng pabrikante | Halaga | Aktibong Sangkap | Netong Nilalaman | Direksiyon sa Paggamit | Petsa ng Ekspirasyon |
|---|---|---|---|---|---|---|
| 1. **Orange Juice** | **Oo** | **Hindi** | **Oo** | **Oo** | **Oo** | **Hindi** |
| 2. **Krakers** | Oo | Hindi | Oo | Oo | Hindi | Hindi |
| 3. **Kape** | Oo | Hindi | Oo | Hindi | Hindi | Hindi |

Ang mga sumusunod ay mga halimbawang pagmamasid. Maaaring magbigay ng ibang sagot ang mag-aaral.

1 Hindi, hindi lahat ng mga mahahalagang impormasyon ay nakita sa produkto.

2. Wala sa mga produkto ang may kompletong impormasyon.

3. (Iba-iba ang mga sagot)

4. Hindi, walang nakasulat na impormasyon sa mga etiketa na hindi nakikita sa tsart.

5. Mahalaga ang lahat ng impormasyon. Halimbawa, isinasaad ng *halaga* kung magkano ang produkto. Ang *petsa ng ekspirasyon* ang nagpapahiwatig kung hanggang kailan maaaring gamitin o tapusin ang produkto. Ang mga *direksyon sa paggamit* ay nagsasaad kung paano ang wastong paggamit ng produkto.

B. Isa itong halimbawang sagot. Nababatay ang iyong sagot sa produktong napili mo para sa pagsasanay na ito. Ipakita ang iyong Gawain sa *Instructional Manager* o *Facilitator* para sa kanyang mga puna.

1. Mangga—buwan ng Mayo
2. Lanzones—buwan ng Oktubre
3. Suha—buwan ng Abril
4. Langka—buwan ng Mayo
5. Durian—buwan ng Mayo

C. 1. Ang pinakamurang gatas ay Gatas C na may presyong P 52.33 bawat litro.

Gatas A  78.50/1 litro = ₱ 78.50 bawat litro

Gatas B  79.00/1.5 litro = ₱ 52.67 bawat litro

Gatas C  78.50/1.5 litro = ₱ 52.33 bawat litro

2. Bibilhin ko ang Gatas C dahil ito ay mas mura at mas marami ang nilalaman kaysa Gatas A. Maaaring ang Gatas B ay may parehong nilalaman kaysa Gatas C, ngunit ito ay mas mahal.

D. 1. Ang RA 7394 o ang Akto ng Pilipinas para sa Mamimili ay isang batas na nagtatanggol sa mga karapatan ng mga mamimili.

2. Itong pinagtibay na batas na naghahangad na ipagtanggol ang mga karapatan ng mga mamimili ay humantong rin sa paglikha ng Konseho ng Pangkalahatang Gawain ng Mamimili.

3. Kung bumili ka ng isang produkto at natuklasan mong may sira o depekto ito, maaaring ibalik ang pera mo, ipaayos ang produkto o papalitan ang produkto ng pabrikante o negosyante.



## Talahuluganan

**Antibiotic** Gamot laban sa impeksyon.

*Halimbawa:* Ang Amoxicillin ay isang antibiotic na pangkaraniwang inirerekomenda ng mga doktor.

**Convenience Foods** Ang mga pagkaing ito ay handang kainin at kinakailangan lamang ng kaunting pag-init o mainit na tubig bago kainin.

*Halimbawa:* Ang spam ay isang convenience food dahil hindi mo na kailangang lutuin bago kainin.

**Etiketa sa produkto** Nakasulat na impormasyon, katulad ng netong nilalaman, petsa ng pagtatapos, atbp., sa isang produkto o bahagi ng pakete.

**Food additives** Mga kemikal na idinaragdag sa pagkain

*Halimbawa:* May mga “food additives” na nakikita sa mga produktong *microwavable*

**Fortified** Pagkain na may karagdagang mineral o bitamina

*Halimbawa:* Higit na gusto ng nanay ko ang fortified na “orange juice” para sa aming pamilya.

**Mamimili** Isang tao na bumibili ng mga produkto o gamit sa mga pabrikante, mang-aangkat o negosyante

*Halimbawa:* Isang mahusay na mamimili si Jose dahil inihahambing niya ang mga presyo at kalidad ng iba't ibang mga produkto

**Mga produkto** Mga gamit o kalakal na ginagamit at/o kinakain ng mga tao

**Pabrikante** Kahit sinong tao na gumagawa, nagkukumpuni, o nagpoproseso ng mga produkto at gamit

*Halimbawa:* Gumagawa si Pepe sa Marikina ng mga sapatos at bag na balat.

**Pangalang heneriko** Ang pagpapakilala ng mga gamot ukol sa uri batay sa mga aktibong sangkap na kilala sa siyensiya at sa ibang bansa na kinikilala ng Kawanihan ng Pagkain at Gamot ng Kagawaran ng Kalusugan

*Halimbawa:* Dapat bigyang halaga ng mga Pilipino, mahirap man o mayaman, ang pagbili ng gamot na heneriko dahil mura ang mga ito at kasing epektibo ng mga gamot na may pangalan o galing sa ibang bansa.

**Petsa ng ekspirasyon** Petsa na kapag lumampas na ay hindi na maaaring gamitin o kainin ang produkto